

厚生労働省委託事業

車両系建設機械
（整地・運搬・積込み用及び掘削用）
運転技能講習
補助テキスト

Sasakyang Makinaryang Pang-konstruksyon
(para sa pag-patag, pag-transport, pag-karga at pag-huhukay)
Driving skill training
Supplementaryong Text



厚生労働省 労働基準局 安全衛生部

タガログ語版 Tagalog na bersyon

本補助テキストは、建設業労働災害防止協会のご協力の下、「車両系建設機械運転者教本[整地・運搬・積込み用及び掘削用]技能講習テキスト」(建設業労働災害防止協会発行、令和元年7月15日第2改訂7版5刷)を基に、令和2年度厚生労働省委託事業において作成した対訳による抜粋版です。外国人労働者に対する教育効果を高める等の目的で作成されたものです。

技能講習の実施に当たっては、本補助教材を単独で使用するのではなく、原本となった講習テキストと併せて使用することで、講習の実効性を確保することができます。

2021年3月

Talaan ng Nilalaman

1. Sasakyang Makinaryang Pang-konstruksyon	5
1.1. Mga uri at gamit ng makinaryang pang-konstruksyon (Teksbuk p.1)	5
1.1.1. Makinarya para sa Pag-patag, pag-transport, at pag-load (Teksbuk p.2)	5
1.1.2. Makinarya Para sa Pag-huhukay (Teksbuk p.7)	8
1.2. Terminolohiya para sa Makinaryang pang-konstruksyon (Teksbuk p.10)	10
2.Prime mover ng makinaryang pang-konstruksyon at hydraulic system	12
2.1. Prime Mover (Teksbuk p.15).....	12
2.1.1. Istruktura ng Diesel Engine (Teksbuk p.17).....	12
2.1.2. Fuel/Engine Oil (Teksbuk p.22).....	13
2.2. Hydraulic System (Teksbuk p.23)	14
2.2.1. Hydraulic System (Teksbuk p.24)	14
3. Equipment Structure na may Kinalaman sa Sasakyang Makinaryang Pang-konstruksyon	15
3.1. Makinarya na tractor type (Teksbuk p.35)	15
3.1.1. Crawler type Tractor (Textbook p.35).....	15
3.1.2. Wheel type Tractor (Teksbuk p.47)	16
3.2. Excavator type (shoberu) na makinaryang pang konstruksyon (Teksbuk p.55)	18
3.2.1. Hydraulic Type excavator (Shoberu) na makinaryang pang konstruksyon (Crawler Type) (Teksbuk p.56).....	18
3.3. Motor grader (Teksbuk p.61)	19
3.4. Scraper (Teksbuk p.64)	20
4. Paggamit sa Aparato ng Makinaryang Pang-konstruksyon	21
4.1. Pagsisimula ng Pagmamaneho (Teksbukp.69)	21
4.1.1. Bago Paandar ang Makina (Teksbuk p.69).....	21
4.1.2. Pag-andar ng makina (Teksbuk p.69).....	21
4.1.3. Pagkatapos paandar ang makina (Teksbuk p.70)	21
4.2. Pagmamaneho o pagtatakbo (Teksbuk p.70).....	22
4.2.1. Pagsisimula (Teksbuk p.70).....	22
4.2.2. Habang nagmamaneho (Teksbuk p.72)	23
4.2.3. Pag-akyat / pagbaba, atbp. (teksto p.74)	25
4.2.4. Pag- hinto sa pagmamaneho (Teksbuk p.75).....	26
4.3. Pamamaraan kapag pumaparada (teksto p.76)	27
4.4. Grasa, langis atbp (tekbuk p.77)	28
5. Konstruksyon at uri ng working device may kaugnayan sa trabaho ng sasakyang makinaryang pang-konstruksyon.....	29
5.1. Istruktura at uri ng working device para sa tractor-type na makinaryang pang- konstruksyon (Teksbuk p.79)	29
5.1.1. Struktura ng working device (Teksbuk p.79)	29

5.1.2.	Uri ng working device (Teksbuk p.80)	29
5.1.3.	Safety Device (Teksbuk p.85)	33
5.2.	Istraktura at Uri ng working device ng excavator type (shoberu) na makinaryang pang-konstruksyon (Teksbuk p.86)	35
5.2.1.	Hydraulic type excavator (shoberu) na makinaryang pang-konstruksyon. (Teksbuk p.87)	35
5.2.2.	Mechanical excavator type na makinang pang-konstruksyon (Teksbuk p.88)	35
5.2.3.	Safety device atbp. (Teksbuk p.89)	36
5.3	Motor grader (Teksbuk p.92)	38
5.4	Scraper (Teksbuk p.94)	39
5.5.	Muck Loader (Teksbuk p.95)	40
5.5.1.	Crawler type shear stacking machine (Teksbuk p.95)	40
6.	Kagamitan at kaligtasan ng sasakyang makinaryang pang-konstruksyon	41
6.1	Kagamitan at kaligtasan ng tractor type na makinaryang pang-konstruksyon (Teksbuk p.97)	41
6.1.1.	Bulldozer (Teksbuk p.97)	41
6.1.2.	Tractor Shovel (Textbook p.115)	56
6.2.	Kagamitan at kaligtasan ng excavator type (shoberu) na makinaryang pang konstruksyon (Teksbuk p.123)	62
6.2.1.	Hydraulic type excavator/shoberu (backhoe) (Teksbuk p. 123)	62
6.2.2.	Hydraulic type excavator (shoberu) (loading excavator) (Teksbuk p.131)	68
6.2.3.	Clamshell (Teksbuk)	73
6.2.4.	Dragline (Teksbuk p.137)	74
6.3.	Handling and safety operation ng motor grader at scraper (Teksbuk 140)	77
6.3.1.	Motor grader (Teksbuk p.140)	77
6.3.2.	Scraper (motor scraper) (Teksbuk p.147)	82
6.3.3.	Scraper (Towed scraper) (Teksbuk p.150)	85
6.4.	Kagamitan at kaligtasan ng muck loader (Teksbuk p.154)	86
6.4.1.	Crawler type na muck loader (Teksbuk p.154)	86
6.5	Pag-transport ng sasakyang makinaryang pang-konstruksyon (Teksbuk p.157)	87
6.5.1	Pag-load, pag-unload (Teksbuk p.157)	87
6.5.2	Sa pag-transport sa pamamagitan self-propelled (Teksbuk p.161)	90
6.6.	Pag-kabit at pag-tanggal ng work device (Teksbuk p.162)	91
7.	Pag-inspeksyon at maintenance ng sasakyang makinaryang pang-konstruksyon	92
7.1	Mga pangunahing pang-iingat para sa inspection at maintenance (Teksbuk p.163)	93
7.2.	Pang-araw-araw na pamamaraan ng inspeksyon (Teksbuk p.164)	93
7.3	Pamamaraan ng inspeksyon kapag may natagpuang isang abnormalidad habang nagtatrabaho (Teksbuk p.172)	98
8.	Mga Tagubilin Para sa Ligtas na Pagmamaneho at Para sa Pagsenyas at Paggabay	99
8.1	Mga Tagubilin Para sa Ligtas na Pagmamaneho (Teksbuk p.175)	99
8.2	Mga Punto Para sa Pagsenyas at Paggabay (Teksbuk p.177)	101

9.	Kaalaman sa Mechanics at Kuryente	102
9.1.	Force (Teksbuk p.181)	102
9.1.1.	Moment ng Force (Teksbuk p.184)	102
9.2.	Mass, Sentro ng Grabidad atbp. (Teksbuk p.187)	103
9.2.1.	Mass at Tiyak na Grabidad (Teksbukp.187)	103
9.2.2.	Sentro ng gravity (Teksbuk p.189)	104
9.2.3.	Stability ng mga bagay (Suwari)(Teksbuk p.191)	105
9.3.	Paggalaw ng mga bagay (Teksbuk p.192)	105
9.3.1.	Velocity at acceleration (Teksbuk p.192)	105
9.3.2.	Inertia (Teksbuk p.194)	106
9.3.3.	Centrifugal Force at Centripetal Force (Teksbuk p.194))	106
9.3.4.	Friction (Teksbuk p.196)	108
9.5.	Mga Kaalaman sa Kuryente (Teksbuk p.200)	108
9.5.1.	Kaugnayan sa pagitan ng boltahe, current, at resistance (Teksbuk p.201).....	108
9.5.2.	Ang panganib sa kuryente (Teksbuk p.202)	109
9.5.3.	Battery Handling (Teksbuk p.204).....	110
9.5.4.	Pag-charge ng Baterya (Teksbuk p.204)	110
10.	Mga Kaalaman at Gawain sa Geology at Civil Engineering.....	111
10.1.	Mga Katangian ng Lupa at mga Bato (Teksbuk p.207)	111
10.1.1.	Katangian ng mga Bato (Teksbuk p.208)	111
10.1.2.	Lupa (Teksbuk p.209)	111
10.2.	Mga Sanhi at Palatandaan ng Pagguho ng Lupa (Teksbuk p.218)	115
10.3.	Pamamaraan sa Pagtatayo ng Sibil na Engineering, atbp. (Teksbuk p.223)	119
11.	Halimbawa ng mga Sakuna.....	121
11.1.	Disaster Case 1 Naipit ang manggagawa sa pagitan ng Counterweight ng Excavator	122
	(Teksbuk p.230)	122
11.2.	Disaster Case 2 Naipit ang driver sa gitna ng lever at beam habang napupuno ng lupa gamit ang excavator(Teksbuk p.231).....	123
11.3.	Disaster Case 3 Nahulog sa manggagawa ang bloke na bitbit ng bucket ng Excavator.(Teksbuk p.232)	124
11.4.	Disaster Case 4 Nahulog ang excavator sa pahilig na daan at naipit ang road guide sa ilalim nito(Teksbuk p.233).....	125
11.5.	Disaster Case 5 Pagkatapos ng usapan, nalakad sa harap ng excavator, ngunit bumangga ito sa bucket dahil umiikot ang excavator (Teksbuk p.234).....	126
11.6.	Disaster Case 6 Nawala sa balanse at naipit ang paa habang ikinakabit ang takip ng Bulldozer matapos ang inspeksyon nito (Teksbuk p.235)	127

11.7.	Disaster Case 7 Natabunan ang driver dahil sa pagkahulog ng Bulldozer sa bangin (Teksbuk p.236)	128
11.8.	Disaster Case 8 Pagkaipit ng marking operator sa patalikod na Bulldozer (Teksbuk p.237)	129
11.9.	Disaster Case 9 Pagbangga ng karga ng Tractor Shovel sa manggagawa (Teksbuk p.238)...	130
11.10.	Disaster Case 10 Pagkaipit ang guide person sa bucket ng Tractor Excavator (Teksbuk p.239)	131
11.11.	Disaster Case 11 Pagkasagasa ng Paatras na Motor Grader (Teksbuk p.240).....	132
11.12.	Disaster Case 12 Nahulog sa bangin ang Scraper natabunan ang driver nito (Teksbuk p.241) .	133
12.	Batas at Regulasyon	134
12.1.	Industrial Safety and Health Act and Industrial Safety and Health Act Enforcement Ordinance (Excerpt) (Teksbuk p.243).....	134
12.2.	Mga Regulasyon sa Kaligtasan at Pangkalusugan sa Trabaho (Sipi) (Teksbuk p.256).....	138
12.3.	Structural Standard of Vehicle Constructive Machine (Teksbuk p 276)	146
	Katanungan sa Pagsusulit	147

1. Sasakyang Makinaryang Pang-konstruksyon

1.1. Mga uri at gamit ng makinaryang pang-konstruksyon (Teksbuk p.1)

May iba't-ibang uri/modelo ng mga makinaryang pang-konstruksyon (para sa pag-patag, pag-transport, pag-load, at pag-huhukay), na may malawak na sakop ng aplikasyon. Makikita sa Table 1-1 ang klasipikasyon nito base sa Appendix 7 ng Industrial Safety and Health Act Enforcement Ordinance.





Table 1-1 Klasipikasyon ng Makinaryang Pang-konstruksyon

※Muck : Mga piraso ng bato at lupa na nanggaling sa pagmimina, blasting ng tunnel, atbp.

1.1.1. Makinarya para sa Pag-patag, pag-transport, at pag-load (Teksbuk p.2)

Ang Bulldozer ay isang uri ng sasakyang makinarya na may nakakabit na blade (pangtanggap ng lupa), na siyang nagsisilbing aparato sa pagpapatag at pag-buldoze (oshido) ng lupa. Ang Bulldozer ay tipikal na uri ng makinaryang traktor sa konstruksyon. (Litrato 1-1).




Litrato 1-1 Bulldozer

Ang Tractor Shovel (shoberu) ay isang crawler-type o wheel-type ng tractor body na may bucket, na nakakabit sa katawan nito na siyang nagsisilbing aparato sa pag-load, pag-transport, at paghahakot ng lupa. Ang Tractor Shovel(shoberu) ay tipikal na makinaryang pang-load. (Litrato 1-2).



Litrato 1-2 Tractor Shovel

Ang Scraper ay mayroong uri na tinatawag na Towed Scraper at Self-propelled Motor Scraper. Kaya nitong gawin ang tuloy-tuloy na gawaing pag-huhukay, Pag-transport, at pag-papatag. Ginagamit din ito sa pagdadala ng maraming lupa at buhangin. Epektibo din itong gamitin sa malalaking gawain ng Land Reclamation at Civil Engineering Work tulad ng konstruksyon ng dam. (Litrato 1-3).



Litrato 1-3 Scraper

Ang Scrape Dozer ay kombinasyon ng crawler-type tractor body at scraper mechanism, na kung saan ang gamit nito ay halos katulad ng sa Scraper. (Litrato 1-4). Sa partikular, ginagamit ito sa malambot na lupa kung saan hindi maaaring makapasok ang scraper.




Litrato 1-4 Scrape Dozer

Ang Motor Grader ay ginagamit sa paghuhulma, pag-papatag, at pag-aalis ng niyebe. (Litrato 1-5). Sa partikular, angkop ito para sa tiyak at wastong pagpatag ng kalsada. Ang pag-aalis ng niyebe ay ginagawa sa pamamagitan ng pagkakabit dito ng snow plower.



Litrato 1-5 Motor Grader

Ang Muck machine ay pangunahing ginagamit sa konstruksyon ng kalsada. Mayroong Crawler type at Wheel type na kayang tumakbo sa malulubak na daanan nang walang limitasyon sa pag-load ng lupa, at Rail type na kung saan ang mga gulong nito ay kayang tumakbo sa riles. (Litrato 1 -6).




Litrato 1-6 Mucker Machine

1.1.2. Makinarya Para sa Pag-huhukay (Teksbuk p.7)

Ang Power excavator ay may nakakabit na bucket sa katawan nito pataas na direksyon, na nagsisisilbi nitong aparato na siyang pangunahing ginagamit sa pag-huhukay ng lupa. (Litrato 1-7).

Ang Drag excavator ay mayroong bucket na nakakabit sa katawan nito paibaba, na nagsisilbi nitong aparato, at kabaligtaran ng Power excavator. Tinatawag din itong Backhoe. Pangunahin itong ginagamit sa pag-huhukay ng lupa at tipikal na uri ng makinaryang konstruksyong panghukay. Sa partikular, sa urban civil engineering, ang pinakamaliliit na uri ng swivel at maliit na uri ng rear swivel na hydraulic excavator ay madalas na ginagamit sa makikitid na lugar. (Litrato 1-8).



Litrato 1-7 Power Shovel



Litrato 1-8 Drag Shovel

Ang Clamshell ay isang clamshell bucket na nakakabit sa katawan ng excavator type machine. Ginagamit ito sa paghukay ng malalambot na lupa at maliliit na bato mula sa ilalim ng lupa. Sa partikular, angkop ito para sa malalim na may maliit na seksyon ng paghuhukay.

Sa halip na isabit ang clamshell bucket gamit ang wire, ang arm nito ay nag-aadjust. Mayroon ding uri nito na nakakabit ang clamshell bucket sa dulo ng arm at nagsisilbing telescoping arm na ginagamit sa malalim na paghuhukay at normal na drag excavator. (Litrato 1-9).



Litrato 1-9 Halimbawa ng Clamshell

Ang Dragline ay isang working device na may nakakabit na drag line bucket na nakakabit sa main body ng makinaryang pang-hukay tulad ng Clamshell, ginagamit din ito sa paghuhukay sa ilalim ng lupa (Litrato 1-10). Dahil hinahagis ang bucket nito sa malayong distansya, malawak ang sakop nito at angkop sa gawain kapag hindi kaya ng ibang makinarya tulad ng sa ilog at malalambot na lupain.




Litrato 1-10 Drag Line

Ang Bucket Excavator, na tinatawag ding Bucket wheeled excavator, ay ginagamit sa malakihang gawaing Civil Engineer. Dahil umiikot ang bucket nito, maaaring tuloy-tuloy na isagawa ang paghuhukay at pagkakarga (Litrato 1-11). Angkop ito sa paghuhukay ng malambot na uri ng lupa.



Litrato 1-11 Bucket Excavator

Ang Trencher ay tuloy-tuloy na nakapaghuhukay ng kanal, at ginagamit sa paghuhukay upang maibaon ang tubo ng gas at tubig (Litrato 1-12).



Litrato 1-12 Trencher


1.2. Terminolohiya para sa Makinaryang pang-konstruksyon (Teksbuk p.10)

Ang working device ay ginagamit sa pag-papatag, pag-transport, pag-load, pag-huhukay, atbp., na tumutukoy sa blade, bucket, scarifier, atbp., gayon din ang mga sumusuporta dito tulad ng boom, arm, yoke, atbp.


Ang machine body weight ay tinatawag na dry mass (parteng walang gasolina, langis, tubig, atbp.), hindi kasama ang mga working device sa makinaryang pang-konstruksyon, at kung saan ito ang machine body mass.

Ang machine weight ay ang machine body mass kasama ang working device na nakakabit sa makinaryang pang-konstruksyon, na kung saan walang naka-lagay na wet mass (gasoline, langis, tubig, atbp.) sa bucket nito (non-loading state).


Ang Total Mass of Machine ay ang kabuuang machine mass, maximum loading mass, at 55kg nagmula sa timbang ng pasahero.




Larawan 1-1 Working Device



Larawan 1-2 Machine Body Weight



Larawan 1-3 Machine Weight




Larawan 1-4 Total Mass of Machine


Ang Stability ay tumutukoy sa hindi pagbagsak ng makinaryang pang-konstruksyon sa isang anggulo. Mas malaking anggulo, mas mahirap ang pagbagsak nito. Sa madaling salita, ipinapahiwatig nito ang hirap o hindi pagbagsak ng makina.

Ang Gradeability ay ang maximum na kakayahan ng makinaryang pang-konstruksyon sa pagkakalkula ng slope batay sa kakayahan ng prime mover at iba pang uri nito, na nirerepresenta ng Angle (α) o Gradient (%).

Sa aktwal na sitwasyon, mayroong dulas sa pagitan ng crawler (track) o gulong at ibabaw ng lupa. Karaniwan ay hindi posible na umakyat sa anggulong iyon.



Larawan 1-5 Stability



Larawan 1-6 Grade ability

Ang average contact pressure ay ang pwera na ibinibigay sa lupa sa pamamagitan ng makinaryang pang-konstruksyon na kung saan ipinahahayag ng sumusunod na kalkulasyon.

① Para sa crawler-type, ang value nito ay nakukuha sa pag-didivide ng total machine mass sa total ground contact area ng crawler. Ang haba ng ground contact ng crawler ay nirerepresenta ng L na makikita sa Larawan 1-7.

$$\text{Average Contact Pressure} = W \times 9.8 / S = W \times 9.8 / (2B \times L) \quad (\text{kN/m}^2)$$


W : Machin total mass (t)

S : Total Ground Contact Area = $B \times L$ (m^2)


L : Center Distance (m) between Idler (floating wheel) and Sprocket (starting wheel) in Total Mass State

B : Crawler Width (m)

② Sa Wheel-type, ang value nito ay nakukuha sa pagdidivide ng Axle Load ng harapang gulong o likurang gulong na nakuha sa total machine weight mula sa kabuuan ng apparent ground contact area ng harapan at likurang gulong (Larawan 1-8).



Larawan 1-7 L at B



Larawan 1-8 Ground Contact Area

2. Prime mover ng makinaryang pang-konstruksyon at hydraulic system

2.1. Prime Mover (Teksbuk p.15)

Ang prime mover ay may kakayahang palitan sa enerhiyang mekanikal mula sa iba't ibang enerhiya at ang tipikal na prime mover na ginagamit sa mga makina ay mayroong internal combustible engine (tulad ng diesel engine at gasoline engine) at electric motors.


Ang diesel engine ay pangunahing ginagamit sa prime mover ng makinaryang pang konstruksyon, at mayroong din small type at special type na uri nito na gumagamit ng gasoline engine. Bilang karagdagan, sa halip na gamitin ang internal combustion engine, mayroon din na mga makinaryang pang-konstruksyon na gumagamit ng electric motors.

Talahanayan 2-1 Pagkakaiba ng Diesel Engine at Gasoline Engine


Item \ Type	Diesel Engine	Gasoline Engine
Gasoline Type	Diesel Oil	Gasoline
Ignition Method	Self-ignition by compressed air	by electrical spark
Engine Mass Per Horsepower	Heavy	Light
Cost Per Horsepower	Expensive	Cheap
Thermal Efficiency	Good (30~40%)	Bad (22~28%)
Transportation Cost	Cheap	Expensive
Fire Hazard	Low	High

※Mag-ingat na hindi na magkamali sa uri ng gasolina (langis, gasolina)


2.1.1. Istruktura ng Diesel Engine (Teksbuk p.17)




Larawan 2-3 Halimbawa ng suctioning/Exhaust




Larawan 2-4 Halimbawa ng Lubricating Device



Larawan 2-5 Halimbawa ng Fuel Device



Larawan 2-6 Halimbawa ng Water Cooling



Larawan 2-7 Halimbawa ng Electric Circuit

2.1.2. Fuel/Engine Oil (Teksbuk p.22)


1...Engine oil (Lubricating oil)

Ang engine oil ay ginagamit para sa ① Lubrication, ② Cooling, ③ Sealing, ④ Cleaning, ⑤ Anti-rust Prevention at sa iba pang bagay. Dahil may iba't ibang tawag ang engine oil, gamitin lamang ang nakalahad sa user's manual ng mga machine


2.2. Hydraulic System (Teksbuk p.23)

2.2.1. Hydraulic System (Teksbuk p.24)


Tandaan na ang pump ay isang precision machine kaya ang mga dumi, buhangin, atbp. ay pwedeng makasanhi ng pagkasira nito at nang di pagtaas ng air pressure. Ang filter ay ginagamit upang salain ang hydraulic oil sa hydraulic circuit at alisin ang mga alikabok. Kung sakaling barado ang filter, tataas ang air pressure.




Larawan 2-10 Hydraulic Equipment Mechanism Outline



Larawan 2-11 Gear Pump Operating Principle Outline




Larawan 2-21
Halimbawa ng hydraulic Oil Tank



Larawan 2-22
Halimbawa ng Combination
Air Breezer

Larawan 2-12 Halimbawa ng Bent-axis Type
at Swashtype




Larawan 2-23 Filter for Pipeline


3. Equipment Structure na may Kinalaman sa Sasakyang Makinaryang Pang-konstruksyon

3.1. Makinarya na tractor type (Teksbuk p.35)


3.1.1. Crawler type Tractor (Textbook p.35)




Larawan 3-1 Halimbawa ng Crawler Tractor



3.1.2. Wheel type Tractor (Teksbuk p.47)



Larawan 3-18 Halimbawa ng Power transmission



Larawan 3-19 Halimbawa ng Power Transmission

① Air Pressure ng Gulong


Tulad ng ipinakita sa Talahanayan 3-2, mahalagang ayusin ang air pressure ng gulong dahil nakakaapekto ito sa buhay ng gulong at sa paggana ng makinaryang pang-konstruksyon. Sa pamamagitan ng pagsukat gamit ang gauge, malalaman kung tama ba o hindi ang ang pressure ng gulong.

Talahanayan 3-2 Hangin Ng Gulong


Kung ang presyon ng hangin sa gulong ay sobrang mababa	Kung ang presyon ng hangin sa gulong ay sobrang taas
① Ang init na namuo dahil sa pagkasira at pag-iba ng hugis ng gulong ay nagsasanhi ng pagkatuklap nito.	① Ang gitnang parte lang ng gulong ang nakalapat sa lupa kung kaya't ito ang mga parte na madaling masira.
② Ang magkabilang dulong parte ng gulong ang nakalapat sa lupa kung kaya't ito ang mga parte na madaling masira.	② Ang tractive force ay bumababa kapag naghukay ng malalim sa malambot na lupa.
③ Sa matitigas na daan, tumataas ang resistance at bumababa ang tractive force.	③ Madaling masira kahit sa daanang may maliliit na bato.

3.2. Excavator type (shoberu) na makinayang pang konstruksyon (Teksbuk p.55)

3.2.1. Hydraulic Type excavator (Shoberu) na makinayang pang konstruksyon (Crawler Type) (Teksbuk p.56)




Larawan 3-31 Halimbawa ng Hydraulic Circuit ng Hydraulic Type Shovel (Shoberu) Construction Machine




Larawan 3-34 Halimbawa ng Operating Equipment for Crawler Type

3.3. Motor grader (Teksbuk p.61)

Ang rear wheel ng motor grader ay mayroong apat na gulong (dalawa sa bawat panig at nakalinya sa harap at sa likuran). Tinatawag itong tandem mechanism at ang tandem drive ay isang aparato na nagpapadala ng kuryente na naililipat ng mga gear sa harap at likurang gulong ng rear wheel.




Larawan 3-39 Halimbawa ng Istraktura ng Motor Grader



Larawan 3-40 Halimbawa ng Vertical Oscillating Equipment


Ang front axle ng motor grader ay konektado sa ulo ng fuselage ng isang pin sa gitna, at gumagana ang pin upang mapahina ang mga gulong sa harap mula sa pag-indayog ng kaliwa at kanan dahil sa hindi pantay ng lupain (Tingnan ang Larawan 3-41)



Larawan 3-41 Halimbawa ng Paggalaw ng Front Axle

3.4. Scraper (Teksbuk p.64)

Ang scraper ay binubuo ng isang bahagi ng tractor at isang bahagi ng scraper, at konektado ng isang magkasanib na bahagi sa gitna ng sasakyan. Ang makina, power transmission device, operation device ay nakakabit sa bahagi ng traktor. Sa larawan 3-43 makikita ang halimbawa ng isang istraktura ng motor scraper.



Picture 3-43 Halimbawa ng Istraktura ng Motor • Scraper

4. Paggamit sa Aparato ng Makinaryang Pang-konstruksyon

4.1. Pagsisimula ng Pagmamaneho (Teksbukp.69)

4.1.1. Bago Paandarin ang Makina (Teksbuk p.69)

Magsagawa ng inspeksyon bago simulan ang trabaho (para sa pamamaraan ng pag-iinspeksyon, sumangguni sa seksyon na "7.2 Pamamaraan sa regular na inspeksyon").

Ikutin ang katawan ng sasakyan at suriin kung walang tagas ng langis o tubig, abnormalidad sa crawlers, gulong, working equipment, atbp, o kung walang mga tao o hadlang sa paligid. Pagkatapos ay pumunta sa driver's seat. Ang mga sumusunod ay ang pangunahing operasyon bago paandarin ang makina.

- ① Panatilihin ang transmission lever at ang bawat working device lever sa "neutral", at panatilihin ang hydraulic lock lever sa "lock" position.
- ② I-set ang main clutch lever sa [OFF].
- ③ I-set ang fuel lever sa low idle.
- ④ Tiyaking naka engage ang parking brake lever. (para sa wheel type, atbp.).
- ⑤ Ikabit ang iyong seatbelt para sa sasakyang mayroon nito.

4.1.2. Pag-andar ng makina (Teksbuk p.69)

Ang sumusunod ay pangunahing operasyon para sa pag-andar ng makina.

- ① Ipasok ang susi sa start switch at i-on ang start motor upang umandar ang makina. Sa sandaling umandar ang makina, bitawan ang susi at ang susi ay awtomatikong babalik sa "on".
- ② Kung ang engine ay hindi gumagana nang maayos sa isang makinaryang pang-konstruksyon na may preheating plug, gawin ang mga sumusunod.

Matapos ipasok ang susi sa start switch "preheat" (karaniwan ay aabot sa 30 segundo), simulan ang makina tulad ng inilarawan sa (1) sa itaas. Ang starting motor ay hindi dapat paikutin nang masyadong mahaba (mga dalawampung segundo o higit pa). Kung ang makina ay hindi gumana pagkatapos i-on ang start motor, maghintay ng dalawang minuto at i-on muli ang start motor.

4.1.3. Pagkatapos paandarin ang makina (Teksbuk p.70)

Ang mga sumusunod ay pangunahing operasyon pagkatapos paandarin ang makina.

- ① Kapag malamig ang makina, huwag mag accelerate bigla.
- ② Habang nagpapainit ng ilang minuto pagkatapos paandarin ang makina, suriin ang sumusunod (para sa pamamaraan ng pag-inspeksyon, sumangguni sa seksyon na "7.2 Pang-araw-araw na pamamaraan ng pag-inspeksyon").

a Mabuti ba ang barometer value ng bawat instrumento?

b. Mayroon bang leak ng tubig, langis, ingay ng makina, kulay ng tambutso, vibration o iba pang mga abnormalidad?

c Iba pa (kumpirmasyon ng monitoring system, atbp.)

4.2. Pagmamaneho o pagtatakbo (Teksbuk p.70)

4.2.1. Pagsisimula (Teksbuk p.70)

Kapag paabante o paatras, bigyang-pansin ang mga tao sa paligid, mga makinarya o sasakyan sa konstruksyon, at iba pang mga hadlang. Ang mga sumusunod ay pangunahing operasyon para sa pagsisimula.

1 ... Power shift type

- ① Tanggalin ang safety device (lock plate, atbp.) ng work device lever, itaas ang bucket, blade, atbp sa taas na halos 40 cm galing sa lupa.
- ② Apakan ang brake pedal at alisin ang brake lock (o parking brake).
- ③ Tanggalin ang shift lever safety device.
- ④ I-set ang shift lever sa nais na posisyon ayon sa trabaho, at bitawan ang brake pedal.
- ⑤ Hilahin ang fuel adjustment lever (o apakan ang accelerator pedal) upang madagdagan ang bilis ng makina.

2 ... Direct drive type

- ① Patagilirin paharap (o apakan) ang main clutch lever (o pedal) upang idiskonekta
- ② Ipasok ang shift lever sa nais na posisyon. Kung ang mga gears ay mahirap i-engage, i-set ang gearshift lever sa neutral, i-engage at dis-engage ang clutch upang ma-adjust ang gear position, at pagkatapos ay muling ipasok ang lever. Ang gear ay hindi dapat sapilitang i-engage.
- ③ I-set ang abante/atras na lever sa pasulong o paabante (o baligtad).
- ④ Tanggalin ang safety device (lock plate, atbp.) ng work device lever, itaas ang bucket, blade, atbp sa taas na halos 40 cm galing sa lupa.
- ⑤ Apakan ang brake pedal at alisin ang brake lock (o parking brake).
- ⑥ Dahan-dahang hilahin (o bitawan) ang main clutch lever (o pedal) at bitawan ang brake pedal upang magsimula.
- ⑦ Hilahin ang fuel adjustment lever (o apakan ang accelerator pedal) upang madagdagan ang bilis ng makina.

3 ... Ang Iba pa

Para sa excavator-type (shoberu)

- ① I-on ang running switch button o lever sa running position.
- ② I-operate ang brake o lever (sa pagtatakbo) at luwagin ang pagtapak sa brake.
- ③ Hilahin ang fuel control lever upang madagdagan ang bilis ng engine.
- ④ Itulak ang lever pasulong upang ang makina ay gagalaw ng pasulong, at hilahin ang lever paatras upang gagalaw ang paatras.


4.2.2. Habang nagmamaneho (Teksbuk p.72)

1 ... Pangkalahatang pag-iingat

Ang mga pag-iingat sa power shift type ay ang mga sumusunod.

① Sa mga sumusunod na sitwasyon, biglang mababawasan ang load at pag-bilis ng pagtakbo, kaya't pabagalin ang pagtakbo dahil ito ay delikado.

- a. Kapag umakyat sa slope
- b. Kapag ang buhangin ay hinuhulog mula sa bangin (gakkepuchi)
Sa oras na ito, naka neutral ang shift lever.
- c. Kapag papalapit sa isang dump truck upang mag-load ng lupa at buhangin.
Sa oras na ito, ipinapayong babaan ang transmission.



Larawan 4-2 Mga dapat tandaan sa pag-akyat nag slope

- ② Kung ang oil temperature gauge ay tumaas ng sobra sa panahon ng trabaho, bawasan ang load at bagalan ang takbo.
- ③ Dapat gamitin ang full throttle habang nagtatrabaho, ngunit kapag sa panahon ng simpleng paggalaw o naghihintay para sa isang trak, babaan ang bilis ng makina.

2 ... Steering (pagliko)

Ang mga pag-iingat sa steering (pagliko), ay ang mga sumusunod (crawler type).

- ① Sa pagliko, i-disengage ang steering clutch sa gilid o direksyon kung saan ka liliko at lumiko ng dahan-dahan. Kapag kailangan mong lumiko ng mabilisan (sharp turn), tapakan ang brake.
- ② Kapag ang sasakyan ay parang bababa sa matarik na slope dahil sa sarili nitong timbang o dapat itulak mula sa likuran sa pababang slope, iwasang magbago ng direksyon.
- ③ Huwag lumiko on the spot ng mabilisan sa bed rock or clay sapagkat ito ay nakakadamage sa underside at ang crawler ay matatanggal.
- ④ Sa pagbabago ng direksyon habang pababa sa isang tarik, kung ang isang bahagi ng steering lever o steering pedal ay naka-operate halfway, may posibilidad na ito ay lumiko sa baliktad na direksyon kaya hilahin ang lever sa posisyon kung saan ang brake ay sapat na epektibo.




Larawan 4-3 Mga dapat tandaan sa pagliko ng mabilisan

3...Hydraulic type excavator (shoberu) na makinaryang pang-konstruksyon

Ang mga pag-iingat sa hydraulic type excavator(shoberu) na makinaryang pang-konstruksyon

- ① Sa pag abante o atras, maingat na suriin ang direksyon bago paandarin ang operating device.
- ② Kapag kinakailangan lumiko on the spot, i-switch ang kaliwa at kanan ng lever ng halilihan.



Larawan 4-4 Suriin ang harapan ng machine kapag aabante o aatras

4...Mechanical type excavator (shoberu) na makinaryang pang-konstruksyon

Ang mga pag-iingat sa mechanical type excavator(shoberu) na makinaryang pang-konstruksyon ay ang mga sumusunod.


- ① Ang pang-itaas na swing ay maaaring mag rotate habang nagmamaneho na nagdudulot ng isang hindi inaasahang aksidente, kaya siguraduhin naka swing lock.

4.2.3. Pag-akyat / pagbaba, atbp. (teksto p.74)

1 ... Tractor type na makinaryang pang-konstruksyon

Magbigay ng pansin sa mga sumusunod sa pagmamaneho ng tractor construction machine

- ① Kapag tumigil ang makina habang umaakyat sa slope, tapakan ang break at ihinto ang sasakyan, idisengage ang main clutch (kapag direct type), itakda ang shift lever sa neutral, at simulan ang makina.
- ② Kapag bababa pabaliktad, hilahin ang shift lever sa likuran at bumaba sa tarik na naka apply ang engine brake.
- ③ Huwag idisengage ang clutch sa pababa o downhill kahit na ang distansya ay maikli lamang. Lalo na sa steep slope, ang shift lever ay i-low speed at gamitin ang engine brake at ang brake para sa pagpapatakbo upang bumaba. Tandaan na sa direct-type machine, kung ang main clutch ay naka disengage at ang sasakyan ay bumaba sa isang slope, bibilis ito at kung ang main clutch ay naka engage naman, ang clutch ng plate ay masisira.
- ④ Kapag lumiko sa steep slope, tandaan na ang crawler type ay maaaring dumaloy sa baliktad na direksyon.
- ⑤ Kapag nag l-load o naghahakot at bababa at aakyat sa steep slope, ibaba ang bucket.
- ⑥ Huwag magmaneho nang lampas sa kakayahan sa pag-akyat at katatagan ng machine.
- ⑦ Mag ingat na hindi mahulog at dahan dahan sa pagmamaneho kapag may hadlang sa daan.



Larawan 4-5 Mga dapat tandaan sa pagmamaneho kapag may hadlang sa daan

2...Excavator type (shoberu) na makinaryang pang-konstruksyon

Ang mga pag-iingat sa excavator type (shoberu) na makinaryang pang-konstruksyon ay ang mga sumusunod.

① Huwag magmaneho nang lampas sa kapasidad sa pag-akyat at katatagan ng sasakyan.

② Iwasan ang pagliko o pag iba ng direksyon sa gitna ng tarik hangga't maaari.


Kung hindi maiwasang lumiko o mag-steering habang umaakyat sa isang tarik, i-set ang clutch para sa pagtatakbo sa "on" upang maiwasan ang pagbaba ng sasakyan at pagkatapos ay i-engage ang steering operation device.

Kung hindi maiwasang lumiko o mag iba ng direksyon habang bumababa sa isang tarik, i-slide ang clutch para sa pagpapatakbo sa parehong direksyon tulad ng pag-akyat sa isang slope upang ihinto ang sasakyan at pagkatapos ay i-engage ang steering operation device.


③ Mag-ingat kapag nagmamaneho sa hindi pantay na kalsada dahil maaaring matanggal ang crawler.

④ Gumamit ng ramp atbp. sa malambot na lupa upang maiwasan ang pagbagsak dahil sa pagkalubog.

⑤ Kapag huminto sa gitna ng tarik, ibaba ang bucket atbp sa lupa kahit na sa isang maikling oras, at tiyaking gumamit.



Larawan 4-6 Halimbawa ng paggamit ng ramp sa malambot na lupa



Larawan 4-7 Halimbawa ng paggamit ng brake sa slope

4.2.4. Pag- hinto sa pagmamaneho (Teksbuk p.75)

1 ... Power shift type na makinaryang pang-konstruksyon

Ang mga pag-iingat sa pag-hinto sa pagmamaneho ng power shift type na makinaryang pang-konstruksyon ay ang mga sumusunod.

① I-set ang shift lever sa neutral at apakan ang brake na gamit sa pagtatakbo upang ihinto ito. Tandaan na kung inapakan ang brake pedal sa kalagayang naka [on] ang shift lever, ang langis sa torque converter ay mag-overheat (gayunpaman, sa pangkalahatan ay katanggap-tanggap ito sa loob ng talumpong segundo).

② Bigyan ng pansin ang ②, ③, at ④ sa seksyong "Direct drive type na makinaryang pang-konstruksyon".

2 ... Direct drive type na makinaryang pang-konstruksyon


Ang mga pag-iingat sa pag-hinto sa pagmamaneho ng direct drive type na makinaryang pang-konstruksyon ay ang mga sumusunod.

① Pangkalahatan, ipasulong ang main clutch lever, apakan ang brake pedal upang ihinto ito, at i-set ang shift lever sa neutral.

② I-tigil ang makina pagkatapos ng pag-idle ng halos limang minuto. Lalo na para sa mga makina na may supercharger, ito ay ganap na mahalaga.

③ Kung hindi ka agad magmamaneho pagkatapos huminto, ibaba ang bucket atbp sa lupa at i-lock ang brake pedal.

Kung hihinto sa daan na may slope, siguraduhin na ang undercarriage ay mayroong kalso upang maiwasan ang pagtakbo ng makinarya/truck



Larawan 4-8 Halimbawa ng paghinto sa slope


4.3. Pamamaraan kapag pumaparada (teksto p.76)

Pagkatapos ng papatakbo or operate ng makinarya sa konstruksyon, bigyan pansin ang mga sumusunod.

- ① Ihinto o itigil ang makinarya sa isang patag at may magandang lugar/pwesto, at pagkatapos ay ibaba sa lupa ang mga bucket atbp.
- ② Ihinto ang makina or engine at tiyakin na ang position ng susi ay naka patay, at saka ito kunin. Ang susi ay dapat hawakan or itago ng responsible person.
- ③ Kailangan ang brake ay naka-fully applied. Kung kinakailangan talaga na huminto sa isang slope na lugar, tiyakin na ang undercarriage ay naka-kalso.

Kung ang makinaryang pang-konstruksyon ay isang shovel-type (shoberu), kailangang siguraduhing naka-swing lock, naka parking brake, naka-lock rin pati ang boom, hoists at drum.

- ④ Siguraduhing huwag magalaw ang boom at bucket, kung ang makina ay naka hinto.



Larawan 4-9 Mga punto na dapat tandan

4.4. Grasa, langis atbp (teksbuk p.77)

1...Grasa

Ang pangunahing benepisyo or epekto ng grasa ay ang mga sumusunod

- ① Magiging maganda ang pag-seal, maiiwasan ang pagpasok ng tubig, dumi, atbp. mula sa friction area.
- ② Nakakapag bigay ito ng magandang lubrikasyon at nakakabawas ng mga frictional forces sa mga metal surfaces sa pormang film.. Ang mga lithium at molybdenum-based na grasa ay ginagamit para sa mga makinaryang pang-konstruksyon. Ang pag-palit at pag-refill ay kailangang isagawa ayon sa mga guidelines na nakapaloob sa manufacturer's manual.

2...Antifreeze

Ang antifreeze ay na inihahalo kasama ng cooling water upang maiwasan ang pagkalawang at freezing, ito rin ay isang aqueous solution/additive na ang pangunahing sangkap na kemikal ay ethylene glycol. Ang konsentrasyon nito ay nag-iiba depende sa temperature ng pag-operate. Mangyari lamang na mag base sa manufacturer's manual.

3...Oil/Langis

Mas mabuti na gamitin na langis ay ang tinutukoy sa manufacture's manual, sa dahilan na ang langis ay naglalaman ng iba't ibang additives tulad ng mga sumusunod.

- Oil additives (para mabawasan ang coefficient of friction)
- Extreme pressure additives (improved pressure resistance)
- Viscosity index improvers (kung ang pagbabago sa viscosity with temperature change ay maliit lamang)
- Low flow point depressants (para sa pag-improve ng mababang temperature fluidity)
- Anti-rust agents
- Rust inhibitors
- Antioxidants, etc.

Ang pag papalit ng langis ay dapat nakaayon or nakasaad sa instruction manual. Ang kakulangan ng langis ay maaaring humantong sa mabali na pagka-pupod ng gear at pwede rin ito maging sanhi para masunog ang bearings.

5. Konstruksyon at uri ng working device may kaugnayan sa trabaho ng sasakyang makinaryang pang-konstruksyon

5.1. Istruktura at uri ng working device para sa tractor-type na makinaryang pang-konstruksyon (Teksbuk p.79)


5.1.1. Struktura ng working device (Teksbuk p.79)

Ang working device ng tractor-type na makinaryang pang-konstruksyon ay binubuo ng blade, bucket, atbp. Naka-kabit sa harapan ng tractor, pati na rin sa arm at yokes na sumusuporta dito.

Ang ilan sa mga kagamitan nito ay pinapatakbo sa pamamagitan ng hydraulic cylinders, at ang iba naman ay sa pamamagitan ng mechanical power transmission type. Gayunpaman, kamakailan lamang ay madalas ng ginagamit ang hydraulic type.

Sa hydraulic type, ang hydraulic oil na nag papagalaw sa hydraulic cylinder ay pressurised by hydraulic pump na nakakabit sa engine. At ang pressurised hydraulic oil ay pumapasok sa hydraulic cylinder at pinagagalaw rin nito ang piston upang gumalaw ang rod papasok at palabas to operate working equipment.

Ang larawan 5-2 ay isang halimbawa ng hydraulic type at ng hydraulic operation ng isang crawler type tractor excavator (shoberu), na kung saan ang malaking bilang ng hydraulic cylinders ay ginagamit para sa mga complex movement ng working device.



Larawan 5-2 Hydraulic operation ng crawler type tractor excavator (shoberu)


5.1.2.Uri ng working device (Teksbuk p.80)

1...Bulldozer

Ang bulldozer ay isang tractor na may nakakabit na blades sa harap, sa pamamagitan ng frame or arm nito. Bukod pa rito, mayroong iba't ibang uri ng blades na nakadepende sa gamit nito at maaari itong uriin base sa operating device gaya ng mga sumusunod.

①Angled Dozer


Ang talim/blade ay maaaring i-tilt pa-kaliwa o pa-kanan, upang alisin ang lupa o snow sa isang gilid (tingnan ang larawan 5-3). Sa karagdagan, ito ay epektibo rin para pag-huhukay ng mga kalsada sa bundok.



Larawan 5-3 Halimbawa ng angled dozer

②Straight Dozer


Bagamat ang talim/blade nito ay hindi maaaring ma-tilt pa-kaliwa o pa-kanan, ang istraktura naman nito ay mas matibay kumpara sa angled blade at nakakaya din ito ang mga heavy excavation work (tingnan ang larawan 5-4). Sa karagdagan, karamihan nito ang tilt device at ripper ay madalas naka-kabit.



Larawan 5-4 Halimbawa ng straight dozer

③Rake Dozer


Ginagamit ang rakes sa pag-bungkal ng mga ugat, at nagtauban na mga puno, pag-tatangal ng mga bato, atbp. Sa karagdagan, meron itong angle rake (anguru reki) at straight rake (sutureito reki), (tingnan ang larawan 5-5).



Larawan 5-5 Halimbawa ng rake dozer

④ U-Dozer


Ang dozer na ito ay mayroong talim na nabe-bent forward sa magkabilang dulo. Ginagamit ito sa pag-bulldoze(oshido) at pagbabawas ng madaming lupa at buhangin (tingnan ang larawan 5-6)



Larawan 5-6 Halimbawa ng U-dozer

⑤ Trimming Dozer (Two-way dozer)


Ang blade ay maaaring i-tilt pabalik-balik, at ginagamit ito sa pagtanggap ng coal, ore, atbp. na galing sa barko at warehouse (tingnan ang larawan 5-7)



Larawan 5-7 Halimbawa ng trimming dozer

⑥ Ripper


Mayroon itong malalaking claws sa likod at ginagamit para sa pagdurog o paghuhukay ng malambot na bato at matigas na lupa (tingnan ang larawan 5-8)



Larawan 5-8 Halimbawa ng ripper

⑦Wetland Bulldozer


Ang bulldozer na ito mayroong wide shoe upang madagdagan ang pagkapit ng crawlers sa lupa, at ito ay ginagamit rin sa malalambot na lupa (tingnan ang larawan 5-9)



Larawan 5-9 Halimbawa ng wetland bulldozer

⑧Push Dozer


Ito ay isang bulldozer na mayroong pusher plate nakakabit upang maprotektahan at pagtibayin ang blade ng bulldozer, sa karagdagan ay mayroong din itong cushion naka-install, na kung saan ay ginagamit upang mapalakas ang puwersa ng scraper kung hindi sapat ang towing force sa pag-huhukay at pag-load.



Larawan 5-10 Halimbawa ng dozer push

2...Tractor Shovel

Ang working device ng tractor excavator ay binubuo ng isang bucket at isang arm na sumusuporta dito, tulad ng makikita sa larawan 5-11. Ito rin ay ginagamit sap ag-load at pag-transport.



Larawan 5-11 Halimbawa ng tractor shovel

5.1.3. Safety Device (Teksbuk p.85)

1...Headlight


Ang mga headlight ay naka-install sa makinaryang pang-konstruksyon upang matiyak ang ligtas na trabaho sa gabi, atbp.

2...Alarm device

Ang makinang pang-konstruksyon ay nilalagyan ng isang alarm device para sa magbibigay ng isang alarma sa mga nauugnay na manggagawa upang matiyak ang kaligtasan sa pagsasagawa ng pagtatrabaho.

3...Head Guards and Rollover Protection Structure (ROPS)


Sa ilalim ng Industrial Safety and Health Act , kailangan na ang solid head guard ay nakakabit sa driver's seat habang nag tratabaho sa mga lugar na kung saan mayroong panganib na mahulog/bumagsak ang mga bato o iba pang mga bagay. Sa karagdagan, mayroong isang proteksiyon na aparato o device para sa makinaryang pang-konstruksyon kapag nahulog ito, tulad ng ipinakikita sa Larawan 5-12, ngunit hindi ito karaniwan sapagkat hindi obligadong i-install ito sa kasalukuyan, sapagkat madali lang itong i-install sa may bigat na 3t pataas. Gayunpaman, kailangan palaging gumamit ng seat belt kapag pinapatakbo ang makinarya na pang konstruksyon.



Larawan 5-12 Halimbawa Rollover Protection Structure

4...Safety Device

Ang tractor excavator (shoberu) ay maaaring panatilihin nakataas ang bucket sa pag-inspeksyon at maintenance ng makinarya. Mayroong nakakabit na safety device ang mga tractor at excavator na makinarya tulad ng lock plate at safety pin upang maiwasan na bumababa ang bucket na kahit hindi naman ito sinasadya na mahawakan o magalaw ang operating lever nito. (tingnan ang larawan 5-13).




Larawan 5-13 Halimbawa ng lift arm safety pin

5.2. Istruktura at Uri ng working device ng excavator type (shoberu) na makinaryang pang-konstruksyon (Teksbuk p.86)

5.2.1. Hydraulic type excavator (shoberu) na makinaryang pang-konstruksyon. (Teksbuk p.87)

Ang uri ng hydraulic type excavator (shoberu) na makinaryang pang-konstruksyon ay nag-iiba depende sa ginagamit na working device, merong drag excavator/backhoe, power excavator, clamshell atbp.

Sa makatuwid, para sa paghuhukay, ang ilang working device ay may bucket kagaya ng backhoe/dragshovel, loading shovel/mining excavator, clamshell bucket atbp (Tignan ang larawan 5-14). Mayroon ding mga hydraulic excavator na nilagyan ng mga blades.



Larawan 5-14 Halimbawa ng Hydraulic excavator

5.2.2. Mechanical excavator type na makinang pang-konstruksyon (Teksbuk p.88)

Ang uri ng mechanical excavator type na makinaryang pang-konstruksyon ay nag-iiba depende sa working device, merong Dragline at Clamshell.

① Clamshell


Ang Mechanical clamshell sa pangkalahatan ay ginagamit ang kaliwang bahagi ng drum para sa rope support at ang kanang bahagi ng drum para sa pag-sara at pag-bukas ng bucket, tulad ng ipinakita sa larawan 5-16.

Gumagamit ng bucket support rope at open-close rope with same diameter. Bilang karagdagan, ang isang tagline ay nakakabit upang maiwasan ang pag-ugoy ng bucket.

Naaangkop ito sa mga bucket na may claw gamit na pang-hukay, ang bucket naman na walang pang-hukay ay mangangailangan ng mobile cranes.

(Ang pagta-trabaho gamit ang crane ay may ibang kwalipikasyon na kinakailangan.)

Hindi maaaring gumamit ng crane gamit lang ang qualification ng makinaryang pang-konstruksyon para sa (pag-patag, pag-load at pag transport at pag-huhukay), kinakailangan ng isang hiwalay na kwalipikasyon tulad ng mobile crane.




Larawan 5-16 Halimbawa ng Mechanical clamshell

5.2.3. Safety device atbp. (Teksbuk p.89)


① Lock lever

Kapag umalis ang drayber sa driver's seat, hilahin ang lock lever sa kaliwang operating lever stand upang putulin ang operation pilot pressure para mahinto ang pagpapatakbo ng makina.



Larawan 5-17 Halimbawa ng lock lever


Ito ay brake upang maiwasan ang pag-ikot ng itaas na bahagi sa sarili nitong timbang at kusang bumababa kapag pumarada sa isang slope



Larawan 5-18 Halimbawa ng revolving parking brake

③ Boom fall prevention device


Sa pangkalahatan, ang tilt angle ng boom ay nasa loob ng 30-80 degree. Ang boom fall prevention device ay ginagamit upang maiwasan ang boom na biglang ma-unload habang ginagamit nsa pag-angat ng boom, o upang maiwasan ang pagkahu-log ng boom kapag naglalakbay sa hindi patag na mga kalsada.



Larawan 5-19 Halimbawa ng boom fall prevention

④ Boom Undulation Shutdown device

Kapag naabot ng boom ang specified angle, humihinto ito anuman ang posisyon ng operating lever. Ang mga aparato ng paghinto ng boom ay ginagamit para sa Dragline, Mechanical clamshell at iba pa; ngunit kinakailangan nang wastong pag-iingat at wag maging sobrang kumpiyansa sa safety device.



Larawan 5-20 Halimbawa ng boom undulation shutdown device


5.3 Motor grader (Teksbuk p.92)

Mayroong Mechanical at Hydraulic working device para sa motor graders depende sa pamamaraan ng pag operate nito, ngunit ngayon ang karamihan sa kanila ay hydraulic type.


Ang motor grader ay binubuo ng mga sumusunod na pangunahing bahagi.

1...Blade device

Ang blade device ay binubuo ng mga drawbars, circles at blades, na siyang nagpapahintulot ng ibat-ibang lateral cutting angle at siyang ipapakain. (bumase sa larawan 5-21).




Larawan 5-21 Halimbawa ng blade device



Larawan 5-22 Halimbawa ng motor grader work equipment

2....Scarifier device

Ang ilang soil-scraping device ay nakakabit sa frame na may isang drawbar, habang ang iba ay nakakabit sa blade mounting arm or blade drawbar. (bumase sa larawan 5-23)



Larawan 5-23 Halimbawa ng scarifier

5.4 Scraper (Teksbuk p.94)

Ang scraper ay binubuo ng isang bowl, apron, ejector at iba pa; ang operation method nito ay maaring mechanical type or hydraulic type.

1...Bowl


Ang bowl ay isang container na ginagamit sa pag-transport ng lupa at buhangin, at habang sumusulong ay dinidiin ito sa lupa ng isang hydraulic cylinder para sa pag-huhukay at pag-load.

2...Apron

Pinipigilan ng apron ang nilo-load na lupa o buhangin sa bowl upang hindi mabuhos, umaangat naman ang apron kapag binubuhos na ito sa dumping ground ang lupa o buhangin.

3...Ejector (or tilting floor)

Ang ejector ay isang device na tumutulak sa lupa o buhangin mula sa likuran kapag nag unload. Ang operating device ng scrape dozer ay halos kapareho ng scraper.




Larawan 5-24 Halimbawa ng scraper

5.5. Muck Loader (Teksbuk p.95)

5.5.1. Crawler type shear stacking machine (Teksbuk p.95)

Ang crawler-type muck loader ay binubuo ng mga large tunnel-type tractor excavators at scrap-type loaders.

Ang tractor excavators ay eksaktong kapareho ng tractor excavator na inilarawan sa itaas. Ang scraping type loader ay binubuo ng scraping device na may kasamang bucket, arm, boom, cylinder, swivel frame at conveyor, na kinokontrol ng isang hydraulic pump. Ang hydraulic pump ay pinapatakbo ng isang electric motor



Larawan 5-25 Halimbawa ng Scraping loader

6. Kagamitan at kaligtasan ng sasakyang makinaryang pang-konstruksyon


6.1 Kagamitan at kaligtasan ng tractor type na makinaryang pang-konstruksyon (Teksbuk p.97)

6.1.1. Bulldozer (Teksbuk p.97)


1...Pangunahing operasyon




Litrato 6-1 Halimbawa ng bulldozer




Larawan 6-1 Halimbaawa ng standard operation methods for





Larawan 6-2 Halimbawa ng Angling




Litrato 6-2 Angle Posture ng PAT Blade Bulldozer



Larawan 6-3 Halimbawa ng Tilting



Litrato 6-3 Tilting Posture ng PAT Blade Bulldozer




Larawan 6-4 Pagsasaayos ng Cutting Edge Angle


2...Pangunahing Trabaho

①Pangunahing Puntos

- a. Kapag nagmamaneho, panatilihin ang gilid ng talim sa taas na halos 40 cm mula sa lupa at suriin ang kaligtasan ng paligid.
- b. Isa sa mga pangunahing tuntunin, umakyat pataas at pababa ng slope sa tamang mga anggulo. Gayunpaman, huwag umakyat sa matarik ng pabaligtad o bumaba pasulong o pa-zigzag.
Tandaan: Kung hindi maiwasang bumaba sa matarik na slope, bumabaliktad o mag-zigzag.
- c. Ang pag-bulldoze (oshido) ng lupa ay klarong iba sa trabahong paghuhukay, at ang distansya ng pag-bulldoze (oshido) ay malapit at dapat mabagal lang kapag ginagawa. Bilang karagdagan, ang crawler ay dapat naka-lapat sa lupa, at ang machine body nito ay dapat naka-level kapag umaandar.
- d. Kapag isinasagawa ang pag-bulldoze (oshido) ng lupa, mas mainam kung pababa ng slope ang dinaanan.
Tandaan: Mas mainam kung ang isang pababang slope na humigit-kumulang 20% (10 hanggang 11 degree), ngunit kung lalagpas dito, mahihirapang umatras at bawasan ang kaayusan sa pagtatrabaho.
- e. Ang tensyon ng tractor crawler ay nagbabago ayon sa kalidad ng lupa. Paluwagin ang tensyon kapag mabato ang kalsada.
- f. Kung ang crawler ay dumulas sa mga basa o malambot na lupa, ang fuel lever ay dapat kalahating nakabukas, ang main clutch ay dapat dahan-dahang ipinapasok, at ang steering clutch ay hindi dapat pinapatakbo.
- g. Ang talim para sa levelling ay dapat mahusay na ginagawa para pulido ang pag-akyat at pagbaba hanggang sa halos 2 cm.



Larawan 6-5 Halimbawa ng pagpapatakbo sa Slope



Larawan 6-6 Halimbawa ng pagpapatakbo ng talim

②Aktuwal na Pagtrabaho


Ginagamit ang mga buldoser para sa gawaing may kinalaman sa lupa tulad ng paghuhukay, pag-bulldoze (oshido) ng lupa, at pag-patag ng paglipat-lipat sa maikling distansya ng mga lupa (mga 50 m o mas kaunti pa). Sa partikular, ang mga buldozer ay epektibo para sa paghuhukay at tuwid na pag-bulldoze (oshido). Bilang karagdagan, maganda gamitin ang isang tilt blade o angle blade para sa pag-hukay sa gilid ng burol, isang panig na pag-huhukay ng kalsada sa burol, atbp, at isang tilt blade din para sa paghuhukay ng groove ng lupa, o matigas na lupa.

a) Pag-huhukay

Ang paghuhukay ay pinaplano maigi upang ang distansya ng pag-transport ng mga nahukay na lupa ay mas maiksi. Bilang karagdagan, upang mapabuti ang lagay ng kanal sa panahon ng tag-ulan, maghukay para sa paggawa ng natural na sakop ng kanal, o maglagay na mismo ng kanal kung kinakailangan.

〈Paghuhukay ng Groove (slot dosing)〉

Ang pagkakasunud-sunod ng paghuhukay ay dapat nakaayon sa ①②③ na pinapakita sa Larawan 6-7, ang lalim ng paghuhukay ay limitado sa taas ng talim, at ang uka ay mahuhukay sa isang tuwid na linya. Gayundin, maghukay sa ilalim ng kanal nang pahalang.




Larawan 6-7 Halimbawa ng Paghuhukay ng Kanal

〈Pag-huhukay sa Slope〉

a. Grading work

Ito ay pinaka-epektibo para maisagawa ang gawain ng pagtabas ng slope (norimen) ayon sa pagbaba ng nahukay na lupa, at mahalaga na tandaan ang mga sumusunod:

- Pagsasaayos ng paagusan sa slope (norimen).
- Mag-ingat sa mga gumuguhong bato mula sa slope (norimen). Gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang mga ito kung kinakailangan.
- Sa paghuhukay ng slope (norimen), kailangang protektahan and ibaba ng tarik upang maiwasan ang pagguho nito




Larawan 6-8 Halimbawa ng Slope Drainage (nori men haisui)

b. Trabaho ng Side Cutter


Ang pag-side cut ay ginagawa ng sumusunod na pamamaraan:

- i) Lumikha ng isang pahalang na patag sa ibabaw tulad ng ipinakita sa (a) ng Larawan 6-9, at maghukay mula sa patag.
- ii) Matapos maghukay ng banayad na slope tulad ng ipinakita sa Larawan 6-9 (b), lumikha ng hukay hanggang maging isang pahalang na patag.
- iii) Ang trabaho ay ginagawa lamang sa pamamagitan ng paghuhukay tulad ng ipinakita sa (c) ng Larawan 6-9, nang hindi gumagamit ng pilapil tulad ng ipinakita sa i) at ii).


Tandaan: Kung ang slope ay matarik, ang pamamaraan na ipinapakita sa Larawan 6-9 (c) ay mapanganib, kaya isaalang-alang ang ibang pamamaraan.



SIDE CUTTER WORK (a)



SIDE CUTTER WORK (b)




SIDE CUTTER WORK (c)

Larawan 6-9 Halimbawa ng Side Cutting Work

b) Pag-bulldoze (oshido)

Dapat tandaan na pag-bulldoze ng lupa (oshido) work ay pagtutulak ng lupa at buhangin na may blade at kasabay nito ay lumilikha ng isang daan para sa makina. Sa partikular, bigyang pansin ang mga sumusunod kapag isinasagawa ang pag-bulldoze(oshido) ng lupa:

a Kapag ang distansya ng pag-bulldoze (oshido) ay naging mahaba, itulak ito sa dalawang mga hakbang. Sa kasong ito, ang oras ng pagpigil ay maaaring isaalang-alang kapag ang lupa at buhangin ng blade ay kalahati, o kapag ang pag-load ay mas magaan pagkatapos ng pagtaas ng bilis sa ika-2 bilis (tingnan ang Larawan 6-10).




Larawan 6-10 double push


b Kapag ang distansya ng pag-bulldoze(oshido) ay mahaba sa isang malawak na lugar, ang pag-relay ng dalawang yunit ay mas mainam kaysa sa 2level push na pag-bbulldoze (tingnan ang Larawan 6-11)

c Magsagawa ng parallel na pag-bulldoze(oshido) na may parehong itsura hangga't maaari (tingnan ang Larawan 6-12).

Larawan 6-10 Halimbawa ng 2 level Push



Larawan 6-11 Halimbawa ng Trabaho ng
Relay Pushing




Larawan 6-12 Halimbawa ng Trabaho ng Parallel na
pag-bulldoze

Tandaan: Ang isang mabibigat na responsibilidad ay nakaatang sa steering clutch at final drive. Bilang karagdagan, bumababa ang abilidad neto dahil sa mga pagdulas at pagtigil ng makina.

d Huwag putulin nang biglaan ang direksyon ng pag-bulldoze (oshido).

e Kapag tinutulak ang mga durog na bato, huwag ituloy ang pagmamaneho hanggang mailantad ang bedrock.


f Kung ang lupa na napatag ay nai-level na ayon sa tamang siksik, hindi na magiging komplikado sa pangalawang beses (tingnan ang Larawan 6-13).



Larawan 6-13 Halimbawa ng spreading


c) Embankment (morido)

Dahil ang trabaho ay patuloy na isinasagawa sa paghuhukay at embankment (morido), ang bahagi na mapupunan ng lupa ay natutukoy ng isang nakaplanong pamamaraan. Ang nakataas na lupa ay inilalagay sa pamamagitan ng isang crawler bawat 15 hanggang 20 cm ang kapal (tingnan ang Larawan 6-14).



Larawan 6-14 Halimbawa ng Compact Embankment(morido)

Kapag pinupunan ang embankment(morido) habang sinasagawa ang soil pushing (oshido), tulad ng ipinakita sa Larawan 6-15, itulak ang blade sa dulo ng embankment hanggang sa ang buong lupa at buhangin sa talim ay dumulas, at pagkatapos umatras. Huminto kung saan ang crawler ay hindi lalampas mula sa road shoulder ng embankment.



Larawan 6-15 Halimbawa ng Embankment


d.) Soil Removal (pagtanggal)

Para sa trabaho ng soil removal, ang talim ay itinayo ng pahalang, ang cutting edge ay itinaas ng bahagya mula sa ibabaw ng lupa, at ang lupa ay ilalabas mula sa ilalim ng cutting edge. Ang kapal ng pagtanggal at ang degree ng compaction ay depende sa kalidad ng lupa.

e.) Finishing


Kapag nagsasagawa ng finishing sa isang bulldozer, kung ang machine body ay nagsisimula sa pagbaba, ang blade ay iaangat mula sa lupa kapag ang vehicle body ay naging pahalang, kaya siguraduhin na nakapahalang bago ibababa ang blade.

Ang mga bulldozer ay hindi angkop para sa pinong finishing (mga 2 hanggang 3 cm), kaya ginagamit lang ang mga ito para sa magaspang na finishing. Ang mainam na finishing ay dapat gawin ng isang motor grader (tingnan ang Larawan 6-16).



Larawan 6-16 Halimbawa ng Finishing

Ang finishing ay mas madaling gawin kung pupunuin ang blade ng lupa kaysa tanggalin ito. Punuan ang blade ng halos kalahati at mag-bulldoze (oshido) ng pino ang talim ayon sa estado ng patag habang pinipindot ang lupa upang tapusin ang ibabaw. Ang rough finishing ay dapat gawin sa katamtamang bilis, sa bawat finishing nakaibabaw o nakalayer ng 1/4 sa talim (tingnan ang Larawan 6-17).



Larawan 6-17 Halimbawa ng Rough Finishing

Mula sa isang panuntunan, para matapos ang slope, i-level ang lupa sa pamamagitan ng pagsulong at ibaba sa pamamagitan ng paatras. Gayundin, magbigay pansin sa mga sumusunod:

- Iwasan ang pag-level hangga't maaari kapag umaakyat o bumababa ng pahilis sa slope.
- Hangga't maaari, huwag mag-steering.
- Huwag i-overload ang blade.

Para magawa ang isang maliit na slope, magsimulang magtrabaho kahanay sa slope mula sa itaas. Mag-ingat na huwag hayaan na ang dulo ng blade na ma-stuck sa lupa at lalampas ang slope sa kinakailangan gawin.

Para sa leveling ng isang malawak na lugar (paliparan, field maintenance (hojo)), ang paggamit ng blade control device (laser levelling device) na gumagamit ng isang laser beam ay mapapabuti ang trabahho ng isang magandang resulta ng finishing.



Litrato 6-4 Halimbawa ng Blade Control Device


3...Aplikasyon sa Trabaho

Ang mga pag-iingat sa pag-gamit ng bulldozer ay ang mga sumusunod.

① Trabahong Pagtotroso at Pag-tatanggal ng Ugat

Putulin muna ang mga puno at kawayan gamit ng isang chainsaw atbp., at tanggalin ang mga ugat at damo gamit ng bulldozer (Tingnan ang Larawan 6-18).


Para sa mga iba pang damo at maliliit na puno, itulak ang blade sa loob ng lupa mula 10~15cm at sumulong gamit ng primera o segunda habang pinuputol ang mga ugat.



Larawan 6-18 Halimbawa ng Pagtotroso at Pag-tatanggal ng Ugat

Gayundin, paminsan-minsan ay may sumasabit na mga ugat at damo sa blade at upang maalis ang mga ito, umatras muna bago ulit maghukay.

Bilang karagdagan, para sa pagputol ng mga ugat ng mga kawayanan atbp., mas madaling magtrabaho kapag gumamit ng isang hydraulic ripper.



Sa pagputol ng kawayanan, gawing 20~30cm ang

Larawan 6-19 Trabaho ng pagputol ng mga ugat ng mga kawayanan

Puna) Dahil maaaring madulas ang talim sa ibabaw ng ugat sa mga kawayanan atbp., kinakailangang putulin ito sa lalim mula 20cm~30cm


Kapag tuloy-tuloy ang pagtatanggal ng mga ugat at damo, kanais-nais na palitan ang karaniwang blade ng isang rake dozer.



Larawan 6-20 Rake Dozer

② Pag-tatanggal ng Malaking Bato

Sa pagtatanggal ng malaking bato, itagilid ang blade, ituon ang lakas ng bulldozer sa bandang gilid at gamitin ang gilid ng talim upang tanggalin ang mga malalaking bato (Tingnan ang Larawan 6-21).



Larawan 6-21 Halimbawa ng pag-tatanggal ng malaking bato

Para sa pagtatanggal ng malalaking bato, una ay putulin ang mga ugat na nasa paligid nito, itaas ang talim habang itinutulak ito gamit ng bulldozer, ipalit ang steering clutch sa kabilang bahagi ng batong tinatamaan ng bulldozer at paghiwalayin at alisin ang mga lupa at bato.


Para sa pagtatanggal ng konkretong pavement, una ay durugin ang kongkreto gamit ng isang concrete crusher (breaker, pick atbp.) at hukayin gamit ng isang tilt blade. Kapag umangat na ang isang bahagi, itulak ito patungo sa pinakadulo o gilid. Para sa paghuhukay ng mga lupa sa lugar na nagyeyelo, isagawa din ito sa parehong paraan (Tingnan ang Larawan 6-22).



Larawan 6-22 Halimbawa ng Pagtatanggal ng Pavement

① Backfilling (umemodoshi)

Kapag gagamit ng bulldozer para mag-backfill (umemodoshi) ng ditch/trench, lapitin ito papunta sa ditch/trench nang patagilid at magbackfill (umemodoshi) upang mahulog ang lupa dito. Siksikin nang mabuti ang nai-backfill (umemodoshi) na lupa (Tingnan ang Larawan 6-23).




Larawan 6-23 Halimbawa ng backfilling (umemodoshi sagyo)

④ Ripping

a) Hydraulic Ripper

Ang pinaka-komon na kinakabit na attachment sa likod ng isang tractor ay ang ripper. Kamakailan lamang na dumadami na ang mga pag-hihigpit sa pamamaraang blasting sa pag-huhukay mula sa aspeto ng pangangalaga ng kapaligiran sa konstruksyon, na lumalaki na ang traction force dahil sa paglaki ng mga bulldozers at dahil naging posible na ding maghukay ng matitigas na bato na dumadagdag ang paggamit ng mga ripper.

May iba't ibang klase ng ripper katulad ng single-shank ripper para sa matitigas na bato at mabibigat na paghuhukay at multi-shank ripper na may maraming mga claw (shank) para sa malalambot na bato (Tingnan ang Larawan 6-24).



Larawan 6-24 Shingle-Shank Ripper at Multi-shank Ripper

b)Pag-gamit ng Ripper

Ang karaniwang ginagamit para sa pag-huhukay ng mga bato ay ang blasting at ang pag-gamit ng ripper.

Ang kaugnayan ng blasting at ng paggamit ng ripper ay mas mabisa ang paggamit ng blasting kapag mas matigas ang bato at sa kabaligtaran, mas mahusay naman ang ripper para sa mga malalambot na bato.

Mahirap magdesisyon kung maaari bang gumagamit ng ripper sa lugar ng trabaho at ang kahirapan (ripperability) nito, ngunit ito ang mga paraan kung paano sa sumusunod na tatlo.

i. Subukang patakbuhan ang ripper sa lugar ng trabaho. Ito ang pinakatiyak na paraan para dito.

- ii. Pagmasdan ang ibabaw ng mga bato. Masasabi na maaaring gamitin ang ripper para sa mga batong may mga bitak at sira, weathered na bato, bato na naglalaman ng marupok na kristal, alternating layered o thin layered rocks at mga bato na may mababang degree ng coupling.
- iii. Magdesisyon sa pamamagitan ng mga instrumentong panukat ng mga velocity ng elastic wave katulad ng ripper meter at seismograph. Depende sa uri at tigas ng mga bato, magkaiba ang velocity ng elastic wave sa pag-gamit nito.

Para gamitin nang mahusay ang ripper, kinakailangang maisagawa nang tama ang pagmamaneho nito katulad ng mass at traction ng tractor, lalim ng pagkabaon ng chip, bilis nito, atbp.




Litrato 6-5 Trabahong Ripper

Ang mga patakaran sa konstruksyon ay ang mga sumusunod.


- A. Bilang isang prinsipyo, ang bilis ng pagtatrabaho ay dapat nasa primera lamang.
- B. Ipatakbo nang direktso ang makinarya. Maaaring mabali ang shank kapag inikot mo ito nang biglaan habang nakabaon sa lupa ito.
- C. Dapat pare-pareho ang lalim ng pagdurog. Kapag nagbago ang lalim ng pagdurog, magiging mas mahirap magtrabaho dahil magkakabako-bako sa ibabaw kapag itutulak mo ang shears o kapag mag-riripping sa susunod.
- D. Huwag umatras habang nakabaon ang ripper.
- E. Bawasan ang bilang ng claws kapag mas matigas ang lupa.
 Sa kabaligtaran, mas mahusay na dagdagan ang bilang ng mga claw kaysa sa bilisan ang sasakyan kapag nasa lugar kung saang madali magripping.
- F. Hanggat sa maaari, mas maganda na mas malalim ang ripper na hindi lumulutang ang likurang bahagi ng katawan ng kotse.
- G. Ang agwat ng ripper ay dapat na mas gawing makitid kapag mas matigas ang mga bato, at dapat planuhin ito sa paraan na hindi nag-iiba ang pagdurog depende sa lugar at mga hindi pa naidudurog.
- H. Hanggat sa maaari, dapat pababa ang incline sa pagtatrabaho.

- I. Kapag nakapasok na patagilid na layered na bato o may bitak sa lupa sa mga matitigas na bato, magripping sa kabilang direksyon o interlocked grain (sakame) (Tingnan ang Larawan 6-25).



Larawan 6-25 Trabahong Ripper Kapag Rock Lumps o interlock grain (sakame)


- J. Kung nakatagpo ka ng isang malaking bato na mahirap durugin habang nagripping ka at nagshoe-slip ito,
 i) Tapakan ang decelerator pedal at bawasan ang pag-ikot ng motor hanggat sa hindi magkakaslip-shoe ito.
 ii) I-tilt ito, durugin at hukayin ito.
- K. Kapag hindi sapat ang one-way sa pagtatrabaho, pagtrabaho din nang pa vertical & horizontal criss-cross (Tingnan ang Larawan 6-26).



Larawan 6-26 Downward Incline at Criss-Cross Ripping

⑤ Pagtatrabaho sa Malambot na Lupa


Hanggat sa maaari, maghukay ng drain ditch para makagawa ng drainage sa tubig na kumokolekta sa ibabaw. Kapag nagdodoze (oshido), huwag masyadong pabuhatin ng lupa at buhangin ang blade para maiwasang magslip ang bulldozer.



Larawan 6-27 Halimbawa ng Pagdaan sa Malambot na Lupa

Hanggat sa maaari, huwag palitan ang steering at huwag dumaan sa parehong ibabaw/daanan sa loob ng malalambat na lupa


Bilang karagdagan, mahina ang ground pressure at maganda ang buoyance ng bulldozer na may shoe para sa malalambat na lupa kaya madalas itong gamitin.



Larawan 6-28 Halimbawa ng Shoe para sa Malalambat na Lupa

6.1.2. Tractor Shovel (Textbook p.115)

May crawler type at wheel type ang mga klase ng tractor shovel atbp. at mayroon itong lift arm at bucket na pwedeng patakbuhan gamit ng magkakahiwalay na aparato (karaniwan ay lever) at mayroon ding isang aparato lang ang gamit para patakbuhan ang dalawa (Tingnan ang Larawan 6-29).



Larawan 6-29 Halimbawa ng working device ng Tractor Shovel

Ang working device para sa pagpapatakbo ng lift arm ay maaaring nahahati sa mga sumusunod na posisyon ng pwesto para sa paggagamit nito.

- 「Rise(Age)」Kapag i-aangat ang lift arm, ilagay sa posisyon na ito.
- 「Hold」Gagawing fixed ang posisyon ng lift arm at hind ito magagalaw kahit na lagyan ito ng external force.
- 「Lower(Sage)」Bababa ang lift arm sa paggamit ng haydroliko.
- 「Float」Magagalaw ang lift arm nang pataas at pababa gamit ng external force.

Ang aparato ng bucket ay halos nahahati sa mga sumusunod na tatlong posisyon para sa trabaho.

- 「Tilt」Itaas ang bucket papunta sayo.
- 「Hold」I-fifix ng lift arm ang bucket at magiging magkaisa ito.
- 「Dump(Dampu)」Ibababa pasulong ang bucket.


Karagdagan dito, kahit nakatakda ang aparato sa posisyong "Rise (Age)" o "Tilt", kapag nagkick-out o umabot ito sa adjustment position ng positioner, kusang babalik sa "Hold (Hoji)" ang aparato at titigil ang bucket



Larawan 6-30 Halimbawa ng Pagtakbo ng Lift Arm at Bucket

① Mga kailangang pag-ingatan


- Kung bako-bako ang kalsada, aalog ang makina at dahil dito, mas madami ang matatapon na load na nasa bucket kaya palaging i-maintain ang kalsadang dadaanan nito.
- Hanggat sa maaari, bawasan ang paghalf-clutch at i-operate clutch lever (o pedal) nang tahimik at mabilisan.
- Kung iaangat mo ang bucket nang mataas, lalala ang stability ng makina at visibility mo kaya dapat habang nagmamaneho, panatilihin ang bucket na nasa halos 40cm sa itaas ng lupa.
- Hanggat sa maaari, kapag nasa slope, dapat na akyatin pataas at pababa nang tuwid patungo sa slope.
- Kapag naglalagay ng load sa bucket at bababa sa isang matarik na slope, ibaba ang bucket, gamitin ang preno ng engine sa mabagal upang bumaba. Karagdagan dito, huwag magmaneho nang hindi stable.
- Palitan ang tensyon ng crawler ng tractor ayon sa kalidad ng lupa. Pag dating sa kalsada na may maraming graba, paluwagin ito kumpara sa itinakdang tension (crawler type).
- Sa basang lupa o malambot na lupa, kung mukhang mag-sislip ang crawler, dapat buksan nang kalahati ang fuel lever, gamitin ang main clutch nang mabagal at dahan-dahan, at huwag gagalawin ang steering clutch.




Larawan 6-31 Halimbawa ng Taas ng Bucket Habang

a) Pag-huhukay

- Sa paghuhukay, dapat na ginawang pa-right angle ang katawan sasakyan at ito ay patungo sa bundok (Tingnan ang Larawan 6-32). Sa kasong ito, ibababa ang bucket sa lupa hanggang sa pinakakaya sa harap ng bundok.
- Sa paghuhukay, ilapit ang gitna ng bucket sa nakausli/umbok (mahinang bahagi ng bundok) na bahagi ng bundok at maghukay parang nasa Larawan 6-33.




Larawan 6-32 Halimbawa ng pag-huhukay (1)




Larawan 6-33 Halimbawa ng Trabahong Paghuhukay (2)

- III. Sa pag-huhukay, ang pag-scoop ng bucket, hanggat maari maraming lupa at buhangin ang makukuha ng bucket, bago ito bahagya na itataas ang lift arm, at saka iaangat ng pataas ang bucket. At kung ito ay medyo mabigat, ito ay hatiin ng 2 hanggang 3 beses.



Larawan 6-34 Halimbawa ng Pag-huhukay (3)


- IV. Mag-ingat, kapag naghuhukay ng isang bundok kung nasa face surface (kira men) ang pondasyon nito, ito ay nasa estado ng watermark digging (sukashibori).



Larawan 6-35 Halimbawa Pag-huhukay (4)

b) Pag-load at pag-transport


- Hanggat maaari, nasa primera lang ang bilis kapag nagtatrabaho.
- Sa pag load sa isang dump truck, mas madali kapag ang posisyon ay na-set na ang lift kickout ayon sa taas ng truck.



Larawan 6-36 Halimbawa ng Loading and carrying work


III. Sa pag-dump (danpu) ng bucket, itaas ang lift lever at panatilihin itong naka lock, ilapit sa dump truck at iangat ang bucket na angkop sa taas ng pag-load, at simulang buksan ang bucket dump kapag nasa loading platform na ito.

IV. Sa pag load ng dump truck, i-sentro ang lupa at buhangin na nakaload sa gitna ng linya ng loading platform, at kapag nasa 3 hangang 4 na beses mag--load, simulan ito sa harapang bahagi ng platform.




Larawan 6-37 Halimbawa ng loading position (1)

V. Sa pag load ng malalaking bato, kapag hindi maayos ang paglo-load, ang malalaking bato ay gugulong-gulong, maaari itong mahulog kapag tina-transport, o magiging sanhi ng pagtumba ng dump truck. Gayundin, ito ay mapangabib sa ibang sasakyan, at sa mga tao, kaya ipinagbabawal ang unstable loading at overloading. Kapag hindi ma-transport sa dump truck (danpu), kuntian lng ang load sa pag-transport.



Larawan 6-38 Halimbawa ng loading position (2)

Mayroong isang pamamaraan na ipinakita sa Larawan 6-39 para sa pag-aayos ng mga truck kapag naglo-load. Kapag parehong cycle ang uuliting gawin, mas mainam na i-adjust na ang kickout at positioner na naaayon sa working condition



Puna: Bigyang pansin ang galaw ng tractor

Larawan 6-39 Halimbawa ng Loading Work V Shift


Bilang karagdagan, may tinatawag na load-and-carry method (tingnan ang Chart 6-2) bilang isang paraan ng tuloy tuloy na scooping at transporting at loading na isa lang ang tractor excavator(shoberu) na hindi na kailangan ang dump truck at crushing area at malapit lang ang distansya mula sa face (kiriha men) at loading point, ito ay mabisang paraan para sa mga track atb.

① Pag-ikot sa pantay na bench	Hindi parin maaring umikot kahit na patag ang lupa. Karaniwan, kapag naglo-load, ang turning point na patag na bench ay malapit sa face(kiriha), sa general rule, pagkatapos mag-load, sa malapit sa loading area na iikot pag papunta nang face(kiriha).
② Pag-ikot sa bench na may paakyat na slope	San bench na may paakyat na slope papuntang face o kireha (o pababa ng slope papuntang loading area), ang bench ay karaniwang tina-transport gamit ang buck para maiwasang matapon. Hanggat maari, pumili ng patag na lugar ng pag-iikutan, at depende sa bench, minsan may malapit sa loading area.
③ Pag-ikot sa bench na may pababang slope	Sa bench na may pababa na slope papuntang face o kireha (o paakyat ng slope papuntang loading area) umikot malapit sa face o kireha kaga nagta-transport, pumili ng patag na lugar ng pag-iikutan dahil may pagkakataong natatapon ang load. Kahit na malapit ang distansya ng face (kireha) umikot ng tulad sa pinapaita sa larawan.

Table 6-2 Halimbawa ng load ang unload method

Ang pamamaraang ito ay nag-iiba depende sa laki ng traktor / excavator(shoberu), pag-setup ng trabaho, atbp, ngunit sa pangkalahatan ay angkop para sa pagdadala sa distansya na mga 30 hanggang 100m, ang load ng bucket ay naka flat pile, dapat hindi nakataas at walang biglaang liko. Sa kasong ito, mag-ingat kapag ang daanan ng pagtransport ay hindi na maintain at hindi patag, maaaring mag-vibrate ang bucket, ma-activate ang tilt relief (safety device ng hyfraulic circuit), at mapunta ang bucket sa dump direction. Ang pag-load ay katulad din ng pag-transport, ibig sabihin, ito ay ideal na gawing speedy and safely na hindi tinitigil ang makina.

Para sa hangaring iyon, tulad ng pinapakita sa Larawan 6-40, asahang magiging isang slope ang paligid ng tambakan kung saan madalas bumabagal ang mga tractor, excavator (shoberu) i -tyempo ng maayos ang kondisyon ng bucket ng dump(danpu) sa pagtapon. Bilang karagdagan, gumamit ng ilaw sa kadahilanang madaling magkamali kapag nagtatranaho sa gabi.



Halimbawa ng pag-unload


6.2.Kagamitan at kaligtasan ng excatavor type (shoberu) na makinaryang pang konstruksyon (Teksbuk p.123)

6.2.1. Hydraulic type excavator/shoberu (backhoe) (Teksbuk p. 123)


1...Pangunahing operasyon

Ang pangunahing pagpapatakbo ng hydraulic excavator (shoberu) ay ang pataas at pababa ng boom, pataas at pababa ng arm, pag extend at pag-scoop ng bucket, at pagpapaikot ng itaas na bahagi ng rack.

Ang Ministry of Land, Infrastructure, Transport and Tourism, ay nag desisyon na gawing popular ang pagpapatakbo ng makina na may iisang pamamaraan, at mula noon 1993, naging obligado na gamitin ito sa mga gawain na nasa ilalim ng direktang kontrol ng Ministry of Land, Infrastructure, Transport and Tourism. Ang pamamaraan ng pagpapatakbo na ito ay naaayon sa JIS (Japanese Industrial Standard) na itinatag noon 1990. Bilang karagdagan, may nakatalagang label na nakadikit sa paraan ng pagppatakbo ng ito.



Larawan 6-41 Hydraulic type excavator (shoberu) operating device




Larawan 6-42 JIS standard operation method

2...Pangunahing Trabaho

Ang pangunahing angkop na trabaho ng hydraulic excavator (shoberu) ay para sa paghuhukay sa ilalim ng lupa, ngunit ang iba't ibang mga operasyon ay maaaring isagawa tulad ng ipinakita sa Larawan 6-43.

Mangyaring bumase sa seksyon na 6.2.2 Hydraulic excavator (shoberu) (loading excavator (shoberu) 2 Pangunahing gawain" para sa hydraulic excavator (shoberu).




Larawan 6-43 Pangunahing trabaho ng hydraulic

① Pangunahing puntos

- a. Kapag nagmamaneho, panatilihin ang bucket sa taas na halos 40 cm mula sa lupa at suriin ang posisyon ng makina, ang direksyon ng pagmamaneho, at ang kaligtasan ng mga paligid (tingnan ang Larawan 6-44).
- b. Huwag umakyat o bumaba ng matarik na mga slope na kapag wala sa stability. Bilang karagdagan, ang pag-steering ng bigla ay iwasan sa matarik na slope.
- c. Kapag nagmamaneho sa mga slope, tiyaking ilapat ang turning brake
- d. Kung kinakailangang tatawid sa isang balakid, gamitin ang boom, arm, at bucket upang maiangat ang harap ng carrier.

Gayunpaman, ang pagkahilig ng Makinarya ay dapat na nasa loob ng saklaw ng stability.

- e. Kapag dadaan sa malambot na lupa, dalhin ang ilalim na parte ng bucket, ilapat ito sa malambot na lupa at marahan itong i-padulas.
- f. Huwag magsagawa ng piling work o crane work gamit ang isang bucket.
- g. Gumamit ng isang bucket na angkop para sa trabaho.
- h. Huwag ibagsak ng bigla ang kagamitan sa trabaho pagkatapos patayin ang makina..
puna) Baka magkaroon ng abnormal na presyon ang mga hydraulic device, at maaring makasira ng hydraulic hose atbp.
- i. Huwag maghukay hanggang sa paanan ng makina, sa anumang kalidad ng lupa at mga kundisyon ng paligid.




Larawan 6-44 Pag-akyat at pag-baba sa slope

② Pag-iingat para sa gawaing paghuhukay. (excavation work)

Mga kailangang tandaan sa trabahong pag-huhukay gamit ang hydraulic excavation(shoberu).


a. Kapag ang anggulo sa pagitan ng arm cylinder at arm ay 90 degrees, na tulad ng pinapakita sa Larawan 6-45, ibig sabihin ay naka-sagad na(max) ang digging force ng arm cylinder. Gayundin kapag ang anggulo sa pagitan ng bucket cylinder at link at 90degrees, ang digging force ay naka-sagad na rin (maxed).

Ang anggulo sa pagitan ng dulo ng bucket at ng lupa ay halos 30degree para sa mas epektibong pag-huhukay.



Litrato 6-45 Anggulo ng dulo ng bucket at ng ground

b. Ang pinaka mainam na saklaw ng paghuhukay ng arm ay 45 hanggang 50degree pa-vertical at 15 hanggang 30degree sa paharap.



Litrato 6-46 pinaka-epektibo na saklaw ng arm sa pag-huhukay

c. Para sa magandang stability sa paghuhukay, dapat naka posisyon ang makina ng pahalang . At kung ang pag-huhukay ay gagawin sa slope atbp, tambakan ang slope ng lupa para kahit papano maging pahalang ang posisyon ng makina


d. Mag ingat sa mga drainage sa excavation site, at tanggalin ang mga naka harang sa dinadaan at paligid ng paghuhukayan.

e. Ang pag-huhukay ay nag-iiba depende sa kalidad ng lupa, ngunit mas ligtas kapag ang lalim ng pag-huhukay ay hanggang sa haba ng boom. Dahil isinasang-alang din ang visibility at ang pag-guho ng road shoulder, (nakalagay sa instruction manual) dapat mas malalim kesa sa maximum na lalim ang pag hukay.

f. kapag naghuhukay hanggang paanan sa underground, maaaring mag gumuho ang road shoulder, at ang paghuhukay ng naka pahalang ang crawler ay mapanganib na isinasang-alang ang paglikas

g. Huwag mag hukay gamit ang bigat ng sa pamamagitan ng pag angat ng pwetang bahagi ng makina .

- h. Huwag umikot (turning) habang naghuhukay o gamitin ang pwersa ng turning sa pag back-fill o pag-level ng lupa.
- i. Huwag mag hukay sa pamamagitan ng pag-fix ng bucket at pagpapatakbo ng crawler.




Larawan 6-47 Posisyon ng mga crawler kapag nag-huhukay sa road shoulder.

③ Mga pag-iingat sa pag-load


Tandaan ang sumusunod na mga puntos sa pag-load gamit ang hydraulic type excavator (shoberu).

- a. Kapag naglo-load sa dump truck, ang posisyong ng makina ay nasa taas ng dump (danpu) (hanggang 2.5m), at dapat maganda ang visibility ng dump truck, at ang damping clearance ay makukuha lamang sa taas at baba ng boom cylinder.




Larawan 6-48 Halimbawa ng pag-load (1)

- b. Kapag naglo-load sa isang dump truck, huwag dumaan sa harapan driver's seat , lumiko mula sa likuran ng loading platform.




Larawan 6-49 Halibawa ng paglo-load (2)

- c. Hanggat maari ay panatiliing maliit ang turning angle sa paglo-load sa dump truck.




Larawan 6-50 Halimbawa ng paglo-load (3)

- d. Tulad ng larawan 6-51, ang mas magandang posisyon ng dump truck.



Larawan 6-51 Halimbawa ng paglo-load (4)

- e. Naka-pwesto ang isang dump truck sa likuran ng makinarya kapag nasa masisikip na lugar..
Panatilihin ang distansya sa pagitan ng dump truck at ang ng makina kapag umiikot.




Larawan 6-52 Halimbawa ng paglo-load (5)

- f. Para mas mapadali ang pagtatrabaho, lagyan ng graba ang dinadaan ng dump truck kapag naglo-load sa malambot ang lupang dinadaan.
- g. Madaling makita ang status ng bucket kapag maglo-load mula harap patungong likod ng dump truck.
- Kapag naglo-load ng maalaking bato at iba pa, unahing i-load ang maliit na bato kasunod ang malalaking bato ng sa ganun ay ma-control ang shock o alog na madudulot nito sa dump truck.

Maraming hydraulic type excavator (backhoe) ang na develop, kagaya ng Telescoping arm excavator, Clamshell bucket, Long arm excavator at Long boom excavator.



Larawan 6-53 Halimbawa ng telescoping arm



Larawan 6-54 Halimbawa ng long arm

6.2.2. Hydraulic type excavator (shoberu) (loading excavator) (Teksbuk p.131)

Mayroong dalawang uri ng loading excavators, hydraulic type at mechanical type, ang mechanical type ay bihirang ginagamit sa kasalukuyan kayat ang hydraulic excavator ang ipinapakita sa baba.

1...Pangunahing operasyon

Kasama sa operasyon ng loading excavator ay ang taas at baba ng boom, taas at baba ng arm, pag-ikot ng bucket at ang pag-ikot ng upper rack.

Ang loading excavator ay ginagamit ang parts ng hydraulic excavator, ang operation ay kagaya ng isinasaad sa 「6.2.1 hydraulic excavator (backhoe) 1 pangunahing operasyon」

2...Pangunahing trabaho

Ang loading excavator ay naaangkop para sa paghuhukay kung saan nakaposisyon ang makina sa matataas na bahagi, subalit maaari rin itong magsagawa ng paghuhukay sa ground surface/ibabaw ng lupa o pahubog ng slope.


Mangyaring bumase sa larawan 「6.2.1 hydraulic excavator (backhoe) 2 pangunahing operasyon」 para sa hydraulic type na loading excavator.

① Paraan ng pag-huhukay

Mga susumusunod na paraan ng pag-huhukay para sa loading excavator.

a. Upper excavation


Tulad ng ipinapakita sa larawan 6-55, maghukay ng may bahagyang (uphill slope) pataas na slope sa pagsasaalang-alang sa kanal. Gayundin, huwag maghukay ng malalim ng biglaan ngunit maghukay ng mababaw at dahan-dahan



Larawan 6-55 Haliambawa ng upper excavation kung saan

b. Lower excavation


Sa lower excavation, kailangang gumawa muna ng excavation work surface bago mag-hukay. Ang larawan 6-56 ay isang halimbawa, dapat may sapat na lapad ng approach slope upang mai-load papunta sa isang dump truck sa site na may turning angle na 90 degrees. Kapag mahirap mag-load sa dump truck, ilagay ang dump truck patalikod sa mismong slope, ang excavator ay naglo-laod habang umiikot sa luob ng 180 degrees. Kapag meron ka nang sapat na cut surface, palawakinang work area at bago magsimulang trabaho.



Larawan 6-56 Halimbawa ng lower excavation work

c. Direct excavation


Ang excavation method na ito ay upang maghukay mula sa posisyon ng (a) tulad ng ipinakita sa larawan 6-57, at kung ang dump truck ay hindi makapasok sa luob ng 90 degree na ikot ng excavator in (b) ang makina tulad ng ipinapakita sa (c), lumipat sa susunod at maghukay. Ayon sa pamamaraang ito, ang excavator at ang dump truck ay parehong malayo sa excavation surface, kaya may madaling lumikas kapag nangyari ang isang landslide kapag sa mataas na cutting.



Larawan 6-57 Halimbawa ng straight excavation

d. Parallel excavating


Ang excavation method na ito, kagaya ng ipinapakita sa larawan 6-58, and loading excavator ay naghuhukay at naglo-load habang nagpapatuloy ng parallel o kahilera sa cut surface, ang method na ito ay angkop para sa pag-putol ng lupa sa linear/tuwid na paraan.



Larawan 6-58 Halimbawa ng parallel excavation


e. Bench cut

May dalawang uri ng pag-huhukay para sa maramihang lupa gamit ang loading excavator, ang side hill bench cut method at ang box bench cut method. Ang side hill cut bench method ay angkop para sa paghuhukay sa mga kalsada sa gilid ng bundok, ang taas ng pag-huhukay ay siyang pinakamainam na taas ng excavator, at ang lapad ng pag-huhukay ay dapat may lapad na nagpapahintulot sa sa parallel excavator. Ang paraan ng pag-huhukay ay ayon sa pagkaka- sunod sunod ①②③ • • • sa larawan 6-59



Larawan 6-59 Halimbawa ng side hill bench cut method

Ang box-type bench cut method ay isang paraan ng pag-huhukay na angkop kapag halos patag ang local board, ang paraan ng pag-huhukay ay halos kapareho nang sidehill-type bench cut method (tignan ang larawan 6-60).




Larawan 6-60 Halimbawa ng box-type bench cut method

② Mga pag-iingat sa pag-huhukay

Sa pag-huhukay gamit ang loading excavator, dapat magbigay pansin sa mga sumusunod bilang karagdagang 「6.2.1 hydraulic excavator (backhoe) 2 Pangunahing operasyon」 pag-iingat para sa pag-huhukay.

a.) Ang cutting angle (rake angle) ng bucket ay dapat na maliit para sa matitigas na lupa o high cuts (tignan ang larawan 6-61).



Larawan 6-61 Cutting angle ng bucket


b) Ang makina ay dapat mailagay hindi masyadong malayo o masyadong malapit mula sa pag-huhukayan para sa. Gayundin, siguraduhin na ang bucket ay hindi naabot sa base ng boom o crawler.

c) Huwag umikot kapag ang claws ng bucket ay naka-lapat sa lupa, at huwag kalugin ang bucket ng pakaliwa o pakanan na parang ginagamit itong parang walis o para ground leveling.

d) Hanggat maari ay limitado o liitan lang ang turning angle

③ Pag-iingat para sa pag-load at pag-unload

Sa pag-load at pag-unload ng lupa gamit ang loading excavator na ipinapakita sa larawan 6-62, huwag ibuhos ang nahukay na lupa mula sa isang mataas na posisyon kapag naglo-load. Para sa iba pang pag-iingat, mag tignan ang 「6.2.1 hydraulic excavator (backhoe) 2 pangunahing operasyon ③pag-iingat sa pag-load」



Larawan 6-62 Pag-load ng lupa gamit ang isang loading excavator

6.2.3. Clamshell (Teksbuk)

1...Pangunahing operasyon

Ang pangunahing operasyon ng mechanical type na clam shell ay ang sumusunod.

① Unwinding

Buksan ang excavation open/close brake, buksan ang bucket, paluwagin ang hoisting support brake habang ina-adjust ito, at siya ibaba ang bucket.

② Pag-huhukay

Kapag naabot nito ang pag-huhukayan, paluwagin ang hoisting (support) brake at i-engage ang excavation clutch.

Kapag natapos ang pag-huhukay at nagsimulang i-wind ang bucket ng excavation rope, ilagay ang winding (support) clutch sa mismong sandali ng pag-wind ng bucket. Mag-ingat sapagkat sa oras na ito kapag ma-delay ang pag-engage ng winding clutch ay luluwag ang winding wire rope at matatapon ang laman ng bucket.

③ Turn, release, at pag-hahanda sa pag-huhukay

Kapag mag-wind ng bucket, pahigpitan ang excavation wire rope (opening&closing), kapag naabot na nang bucket ang tamang taas, dahan-dahang i-operate ang swivel clutch at ikotin/ilagay ito sa release position. Kapag naabot na ang release position, i-disengage ang hoisting clutch at excavation clutch, i-apply ang parehong preno, paluwagin lamang ang excavation brake tapos ay i-release ang bucket.


Kapag na release na, i-apply ang excavation brake habang iniikot ito sa excavation position. Sunod ay, paluwagin ang excavation brake, ibaba ang bucket habang ina-apply ang lowering brake, tapos ay simulan ang susunod na pag-huhukay.

2...Pangunahing trabaho

Ang clam shell ay ginagamit sa vertical excavation sa ilalim ng lupa at iba pa. Ang angkop na lupa para sa excavation ay limitado medyo malambot at katamtamang tigas, possible ang paghuhukay sa ilalim ng tubig. Bilang karagdagan, madalas itong ginagamit para sa pagproseso ng maluwag na bagay tulad ng graba at durog na bato, maaari itong mabisa gamitin para sa paglo-load ng mga high storage bottles.

① Paraan ng pag-huhukay

Halimbawa ng operasyon ng clamshell.



Larawan 6-63 Halimbawa ng clamshell operation

② Pag-iingat para sa ng pag-huhukay

Mga kailangang tandaan kapag mag-operate gamit ang clamshell ay ang mga sumusunod

- a) Kapag maghuhukay sa malambot na lupa, ito ay ginagawa sa pamamagitan ng paglagay ng ramp ng pahalang/horizontal o di kaya ay i-install ang machine sa isang matibay na platform.
- b) Panatilihin maikli ang boom hanggat maaari at gamitin ito ng patayo.
- c) Ang isang matatag na wire rope ay ginagamit para sa bucket, at iniikot ito ng dahan-dahan.

6.2.4. Dragline (Teksbuk p.137)

1...Pangunahing operasyon

Ang mga pangunahing operasyon ng dragline ay ang mga sumusunod.

① Pag-huhukay

Maghukay gamit ang excavation clutch. Ang lalim ng paghuhukay ay ina-adjust sa pamamagitan ng pag-operate ng hoisting clutch at hoisting brake ng sabay.

② Winding up

Kapag puno na ang hoisting bucket, i-disengage ang excavation clutch, i-apply ang excavation brake at i-engage ang hoisting clutch. Sa oras na iyon, ang excavation brake ay unti-unting dumudulas upang i-wind ang bucket paitaas, at ang excavation brake ay binabalanse ang laman para hindi matapon ang nilalaman.

③ Turning/rotating

Sa pag-angat (jigiri)ang bucket, unti-unting i-operate ang swivel clutch upang umikot. Sa oras na ito, kapag nag-unload(danpu), ang hoisting height ng bucket ay nakatakda sa taas/height kung saan ang dulo ng bucket claw ay hindi tatama sa ano mang parte ng truck.

④ Pag-dump/Pag-unload (dumpu)

Pag ang bucket ay umabot na sa dump target, paluwagin ang drag rope at excavation rope at itapon/i-dump. Sa oras na ito mag-ingat kapag ang excavation brake ay biglaang niluwangan, ang bucket ay gagalaw ng malayo kaysa sa inaasahan at hindi lang possible na mag-dump (danpu) ito ng hindi tama kundi tatama din ito sa cab ng truck.

⑤ Turning at Pamantayan sa pag-huhukay


Kasabay sa pagtapos ng pag-dump, paluwagan ang excavation brake at hoisting brake habang iniikot at binabalik sa original excavation position. Sa oras na ito, ang pamamaraan ng pag-paluwang ng preno ay dapat na ayusin ayon sa predetermined or naka-set na arrival position ng bucket. Gayundin, mag-ingat na huwag masyadong paluwagin ang wire rope.

2...Pangunahing trabaho

Ang dragline ay pangunahing ginagamit para sa pag-huhukay sa ilog, daanan ng tubig, pag-huhukay sa malalambot na lupa, aggregate collection etc., hindi ito angkop para sa pag-huhukay ng matitigas na lupa o pang malaliman na hukay, kumpara sa backhoe/drag shovel, ngunit angkop ito para sa paghuhukay ng mababaw at malawak na lugar.

① Paraan ng paghuhukay

Ito ang halimbawa ng pag-huhukay at pag-load gamit ang drag line.




Larawan 6-64 Halimbawa ng excavation at loading gamit ang drag line

② Pag-iingat sa pag-huhukay

Mga kailangang tandaan sa pag-huhukay gamit ang dragline.

- Ang sukat ng bucket ay dapat na katapat sa kapasidad ng makina.
- Inspeksyonin ng maaigi ang mga drag chain at shackle (shakkuru), at palitan ang may mga sira.
- Gumamit ng dump rope na naaangkop ang haba.
- Hanggat maaari, itaas ng maayos ang boom sa pag-tatrabaho.
- Ang boom angle ay hindi dapat gamitin sa mas mamaba key sa limit angle (karaniwang mga 30 degree) na itinakda (tingnan ang larawan 6-65)



Larawan 6-65 Boom limit angle


- Subukang maghukay ng manipis/mababaw at malapad.
- Huwag ipatama ang bucket sa boom o maging sa lupa.

6.3. Handling and safety operation ng motor grader at scraper (Teksbuk 140)

6.3.1.Motor grader (Teksbuk p140)

1...Pangunahing operasyon

Ang working device ng motor grader ay binubuo ng blade elevating operation lever (left&right), leaning operation levers, blade lateral feed operation levers, drawbar lateral feed operation levers, articulate operation levers, at blade rotation operation levers. Merong isang operation lever para sa pagtaas at pagbaba ng scarifier, at meron dalawang uri ng operation method nito; mechanical type at hydraulic type. sa larawan 6-66 Halimbawa ng motor grader




Larawan 6-66 Halimbawa ng motor grader

Ang mga kailangang tandaan sa operasyon ay ang mga sumusunod.

① Ang anggulo ng Blade ay pinapakita sa Table 6-3, pag maliit, mas malalim, at pag malaki, mababaw ang cutting. Dahil ang anggulong ito ay nakakaapekto sa kahusayan ng trabaho, dapat na isagawa sa isang naaangkop na anggulo para sa trabaho. Karaniwan, halos 60-degree ang pamantayan, ngunit kapag finifhing, ito ay halos 90 degrees.


Table 6-3 Kalidad ng lupa at Angle

Kalidad ng lupa	Angle's angle (θ)
Matigas na lupa	45°
Malambot na lupa	55°
Padaanang lupa	60°
Finishing	90°




② Ang standard cutting angle ng blade ay 30-40 degrees, ngunit karaniwang maliit ito para sa matitigas na lupa at malaki para sa malambot na lupa (tingnan ang Larawan 6-67).

③ Ginagamit ang scarifier kapag naghuhukay sa aspalto at graba (gravel), ang karaniwang standard na anggulo ay 60degrees, subalit kapag naghuhukay ng asfaltong kalsada ang anggulo ay nasa 70degrees, (tingnan ang Larawan 6-68)



Larawan 6-67 Blade angle




Larawan 6-68 scarifier cutting angle

2...Pangunahing trabaho


① Pangunahing puntos

- Depende sa uri ng trabaho, ang karaniwang bilis ay 3-6km/h.
- Kung mag tire leaning habang nagsasagawa ng trabaho, maisasagawa ito sa pamamagitan ng pag-tilt sa direksyon ng windrow ayon bigat ng load. (tingnan ang Larawan 6-69).




Larawan 6-69 Leaning Operation

- Kapag magmamaneho lamang, panatilihin ang blade sa loob ng lapad ng sasakyan at hanggat maari, naka-angat ang blade ng mga makinarya para hindi ito tumama sa lupa.




Larawan 6-70 Halimbawa pag-tama ng blade

- Habang nagmamaneho, hintayin munang bumagal bago mag lumiko. Lalo na yung mga articulate type na mas madaling mitumba o bumaliktad.
- Kapag bumababa ng slope, gamitin ang engine break, at kung mabilis parin, gamitin ang foot break.
- Umakyat at bumaba ng pa-diagonal sa tamang anggulo ng slope. Huwag mag biglang liko.
- Dahil delikado, iwasang mag preno ng biglaan kapag mabilis nag takbo.
- Kapag nag tire leaning habang tumatakbo, i-tilt ang gulong sa direksyon kapag aabante, sa reverse turning, i-tilt ang gulong a opposite na direksyon kapag umaabante. Tignan Larawan 6-71)



Larawan 6-71 Tire leaning kapag liliko sa kaliwa



Larawan 6-72

② Aplikasyon sa trabaho

Ang motor grader ay kadalasang ginagamit sa pangmalakihan, gaya ng pag-patag ng kalsada, at pag-shave ng groove o kanal ng isang at ginagamit din ito sa pag tanggal ng niyebe o snow.

a) Pag-hukay at pag-patag

Ang bilis ng takbo kapag ginagawa ang pag-patag ay 6-10km/h para sa rough finishing at 2-3km/h para sa pinong finishing. Kadalasan 90degree ang angulo ng blade, pero naka depende ito sa kondisyon ng windrow. At iwasan ang biglaang galaw ng blade sa tuwing isinasagawa ang finishing.


Kapag nag-huhukay, piliin ang blade tip angle, at ang angle na naaayon sa huhukayin at kalidad ng lupa. . Inatang hindi mapunta ang lupa sa passing line ng rear wheel.

Kapag ang huhukayin ay matigas at hindi kaya ng blade, gumamit ng scarifier. Laliman ang hukay ng scarifier hanggat maari. Iwasang mag steer habang gumagamit ng scarifier para hindi mag-bend o mabali ang claws at drawbars.

b) Shoulder reach position

Ginagamit ito kapag ang blade ay itinulak patagilid, malambot ang road shoulder o hindi maihila ang katawan ng sasakyan.


May pagkakataon na ang blade horizontal feed cylinder lamang ang ginagamit sa leveling position, at cutting away mula sa sentro ng sasakyan, at may mga pagkakataon din na kasamang ginagamit ang circle horizontal feed para maabot at limit (maximum road shoulder reach position). Kapag aapakan ang windrow gamit ang likurang gulong, i-straddle ang windrow sa pagitan ng kaliwa at kanang ng likurang gulong.



Larawan 6-73 Halimbawa ng Bunkcut Position

c) Bunk cut Position


Ang bank cut position ay ginagamit sa pag-cut at pag-shape ng slope, at mababang slope (norimen), iwasang magkamali sa proseso kapag gumagamit ng bank cut position. Ang pamamaraang ito ay ang pagkuha ang anggulo na 60degrees ng taong mag-bank cut, i-extrude ang blade at circle sa lupa, i-operate ang kaliwa at kanang blade lift cylinders para mabago ang postura ng bracket at i-shrink and blade lift cylinder ng ng taong gusto mo i-bank cut at i-extend and blade lift cylinder sa kabilang bahagi. Sa bunk cut position, subukang ulitin ang short strokes sa buong trabaho.



Larawan 6-74 Halimbawa ng Snowplowing


③ Articulate

Ginagamit nag articulate para mabawasan ang radius ng pag-liko, kapag ang bahagi ng driver seat at drive wheels ay nakahiwalay sa parting pagtatrabahoan, at ang harapang gulong ay naka-offset para stable ang katawan ng sasakyan. Sa pag-articulate at pag-steering, tumataas ang anggulo sa pagitan ng harap at likurang gulong kaya lumiliit ang radius ng pag liko at ang radius ng pag-liko ay mga $\frac{2}{3}$ kompara sa walang articulating. Dahil ng pagkilos ng T-turn ay naiiba mula sa leaning, ang direksyon ng pag-articulate ay binabago kung naaangkop. Gayundin, kapag mag U-turn, mas mainam na palitan ang direksyon ng articulate habang lumiliko. Kapag pinagsabay gamit ang road shoulder reach position, mas lumiliit ang radius ng pag-liko, mas magagawa ng maayos ang mga kanto (pawang di na balikan ang mga kanto), at yung mga S-shaped na kalsada na may masisikip na curve ay ma-level ng maigi.



Larawan 6-75 Pag U-turn sa articulate


Kapag mag-articulate at ipinihit ang manebela sa kabilang direksyon, maaaring dumiretso sa kabilang track harapan at likurang gulong. Kapag isinagawa ito, ang katawan ng sasakyan ay makakatrabaho ng maayos at stable sa pamamagitan ng pag-offset ng harapang gulong para maka punta sa parteng lupa na papatagin. Kapag ang road shoulder reach ay marupok, ang average linear pressure ay hindi lang sa road shoulder reach makakamit, para ang harapang gulong ay ma-offset at ang heavy drive wheel na parte lamang ang mapaghiwalay para magawa ang road shoulder. Kaparag maraming lupa na tanggalin sa pamamagitan ng bank cut at dinadaan nito ng likurang gulong (kapag nagtatanggal ng snow), ang kaligtasan ng katawan ng sasakyan ay matitiyak sa pamamagitan ng paghiwalay ng likurang gulong mula sa slope.



Larawan 6-76 Halimbawa ng pagpatakbo ng offset

④ Scarifier

Kahit na may kaunting pagkakahawig sa blade, ang scarifier din ay napapalitan ang cutting angle pwde itong lakihan para sa mga matitigas na bagay. Ang direksyon o oryentasyon ng scarifier ay hindi mapapalitan, dahil ito ay nasa parehong posisyon ng frame, hindi ito pwedeng gamitin sa pag articulate




Larawan 6-77 Scarifier cutting speed

6.3.2. Scrapper (motor scrapper) (Teksbuk p147)

1...Pangunahing operasyon

Ang operating device ng working device ng motor scraper ay binubuo ng lever para sa pag-operate ng pataas(age) at pababa(sage) ng apron, at lever sa pag-operate ng ejector.

Ipinapakita sa larawan 6-78 ang isang halimbawa ng operating device ng scraper work device.



Larawan 6-78 Halimbawa ng Scrapper operating device

2...Pangunahing trabaho

① Pangunahing puntos

- Panatilihin ang kalsada na kunti lang ang lubak.
- Dahan-dahan sa pigliko sa kurbang daan.



Kadalasan, kapag may kargang buhangin at lupa, mas lumiliko ang likurang gulong dahil sa centrifugal force, na maaaring mag resulta ng pagkalahis at umikot sa kalsada.

- Iwasan ang biglang pagliko hanggat maaari.

Lalo na sa maliit na S-curve dahil ito ay mapanganib.

- Tumawid ng diretso sa malalambot na lupa, huwag dito gumala-gala o lilikuan.
- Huwag tumawid sa dalisdis o slope.

- f. habang tumatakbo, ibaba ang bowl (mga 2cm mula sa lupa) para bumaba ang sentro gravity, lalo na kapag tumatakbo na may apron na nakaangat maliban sa soil bedding work.



Larawan 6-79 Mag-ingat sa derailing na sanhi ng centrifugal force

Larawan 6-80 Pag-iingat ng saobrang angat ng bowl

- g. Sa pagbaba sa matarik slope, ginagamit parehas ang engine brake at foot brake (brake pedal).

Kapag mabilis parin at delikado na, ibaba ang bowl at ilapat sa lupa para bumagal, huwag iangat ang bowl sa gitna ng slope.

- h. Huwag idaan ang scraper sa daanan ng pampublikong sasakyan, maglagay ng guide kapag di maiiwasan.

- i. Kapag makitid ang kalsada, magbigay ng mapagkukublihan, at sundin ang prinsipyo sa pagbigay ng prayoridad sa ibang sasakyan paakyat at mga sasakyang may karga.


- j. Kapag naka patay ang steering habang naghuhukay/loading, may posibilidad na mag mitumba o bumaliktad ang ang katawan ng sasakyan dahil naitutulak ito ng pusher, dapat na-ooperate din ang steering ng pakuntikunti.

② Aplikasyon sa trabaho

Ang scraper nakakapag sagawa ng pag-huhukay, pag-tranport, pag-patag. Ang pag-transport ng lupa at buhangin sa katamtamang distansyang 100-400m para sa mga towed scraper, at mahabang distansya na 300m pataas (hanggang 2-3km) para sa motor scraper.


a.) Pag-huhukay at pag-load

Ang mga pangunahing pag-huhukay at pag-load (tignan ang Larawan 6-81) ay ang pag pantay ng harap at likurang gulong para sa pababang slope



Larawan 6-81 Halimbawa pangunahing pag-huhukay

Ang lalim ng paghuhukay ay naka depende sa kalidad at grado ng lupa, ngunit ang paghuhukay ay dapat na mababaw at mahaba na may average na lalim para maiwasan ang pag-dulas ng gulong. At ang paghuhukay at pag-load ay isasagawa sa pagkakasunod-sunod ng ①②③ tulad ng ipinapakita sa Larawan 6-82 upang maiwasang masira ang earth pit.



Larawan 6-82 Halimbawa ng pagkasunod-sunod ng paghuhukay


b) Pag-transport

Hanggat maaari, mabilis ang pag-transport nang naka baba ang bowl. Para magawa yun, dapat mapanatili na wala masyadong lubak ang daanan ng pag-transport gamit ang motor grader. Dapat din na makapagbigay ng kant base sa turning radius. Panatilihing din na nasa lupa pag-transport, pag malambot, tambakan ng graba o buhangin ang daanan. dapat hindi baha, at wisikan naman kapag masyadong maalikabok.

c) Soil bedding

a. I-adjust ang taas ng bowl at i-sprinkle o ibuhos ito sa naaayon na taas.

b. Huwag i-sprinkle o ibuhos ng isahan, dapat nasa pagkasunod-sunod ang pag-sprinkle o pagbuhos na naaayon sa kapal, magsimula sa mas mababang bahagi para mas pumatag at lumawak ang embarkment(morido) (bumase sa larawan 6-83).



Larawan 6-83 Halimbawa ng Soil Bedding

6.3.3. Scraper (Towed scraper) (Teksbuk p.150)

Dahil ang pangunahing pagpapatakbo ay kaparehas ng bulldozer sa 6.1.1, gawin ito alinsunod sa [6.1.1 Bulldozer basic operation]



Litrato 6-1 Halimbawa ng bulldozer work equipment device

Ang bulldozer work equipment device ay ginagamit para sa taas(age) at baba(sage) ng bowl, pag-angat baba ng apron at pag-extrude ng ejector.

- a. Sa pag-huhukay at pag-load gamit ang scraper, ang nahukay na lupa ay ginagamit sa mga embankment (oshido) atbp, kaya mag-ingat sa mga drainage o kanal habang naghuhukay at gamit ang bulldozer.
- b. Ang kondisyon ng runnable soil sa scraper ay dapat nasa cone index na 7-10 para sa towed scraper na class 9m³ pababa, na sinasabing may minimum sa runnable cone index ng bulldozer na 5-7. Samakatuwid, kinakailangang mapanatiling maayos ang kondisyon ng site (kasama na dito ang pag-huhukay, pag-transport ng lupa, soil bedding) at ang daloy ang kalsada.
- c. Sa pag-huhukay, iangat ng maigi ang apron (mga 15-30cm), hilain ang ejector(tailgate) hanggang sa dulo, ibabaa ang bowl at i-scape ang lupa habang tumatakbo.
- d. Sa pag-huhukay at pag-load, ibaba ang bowl para ang crawler ng tractor ay tumigil o hindi ma-slide o dumulas.
- e. Ang takbo ay mabagal, at ang bowl ay loaded o puno.
- f. Dahan dahang ibaba ang bowl para ang blade ay dahan-dahang lumapat sa lupa.
- g. Kapag nag-scrape ng lupa o scraping, mapapadali ang trabaho sa pamamagitan ng pag-pantay ng tractor at scraper at pababa ng slope patungo sa patutunguhan ng pag transport.
- h. Ang lalim ng pag-huhukay ay naka depende sa kalidad at grado ng lupa, hanggat maaari babawan at habaan at pantay ang pagkakahukay para maiwasang madulas ang undercarriage.
- i. Dahil nagkakaroon ng mga ridges o lupang naiipon sa magkabilang parte ng pinag-hukayan, i-scrape o tanggalin ito bago simulan ang susunod na trabaho.

- j. Panatilihing naka horizontal o pahalang ang bowl habang nagtatrabaho. Kapag ang ibabaw ng lupa ay pantay ngunit ang naka-load na lupa ay tabingi, tignan ang air pressure ng kanan at kaliwang gulong.



Litrato 6-6 Working status ng towed scraper

6.4. Kagamitan at kaligtasan ng muck loader(Teksbuk p.154)


6.4.1.Crawler type na muck loader (Teksbuk p.154)

Ang crawler-type muck loader ay karaniwang binubuo ng malaking tractor, excavator (shoberu) at scraping-type na loader, sapagkat ang tractor, excavator (shoberu) ay inilarawan na sa taas, ang scaper-type loader lang ang tatalakayin dito.

1...Pangunahing operasyon

Ang pangunahing operasyon ng scraping loader ay pataas at pababa ng boom, pataas at pababa ng arm, extension at scooping ng bucket, pag swing o ikot ng jib (jibu), taas at baba ng conveyor, forward at reverse ng conveyor. Gayundin, papalitan din ang lapad ng loading table depende sa model.

Sa larawan 6-86 ipinapakita ang halimbawa ng operating device ng working device ng scraping loader.



Larawan 6-66 Halimbawa operating device for scraping loader

- ① Isinasagawa ang operasyon ng boom, arm, bucket at jib (jibu) batay sa [6.2.1 Basic Operation ng Hydraulic Excavator (backhoe) (shoberu)].
- ② Ang conveyor operating device ay napapagana sa pamamagitan ng pag gamit ng lever ng conveyor drive motor sa sumusunod na posisyon.
 - 「Front」 ...pag-abante ang conveyor
 - 「Neutral」 ...pag-stop ng conveyor
 - 「Back」 ...-reverse ng conveyor
- ③ Ang taas at baba na operation device ng conveyor at pinapagana gamit ang lever ng conveyor lift sa sumusunot na posisyon.
 - 「Front」 ...pag-baba ng conveyor lift
 - 「Neutral」 ...Steady ang posisyon ng conveyor lift.
 - 「Back」 ...pag-angat ng conveyor

6.5 Pag-transport ng sasakyang makinaryang pang-konstruksyon (Teksbuk p.157)

6.5.1 Pag-load, pag-unload (Teksbuk p.157)

Tandaan ang mga sumusunod kapag isinasagawa ang Pag-load, pag-unload ng sasakyang makinaryang pang-konstruksyon.

1...Pangkalahatang pag-iingat

- ① Kapag naglo-load at nagta-transport ng makinaryang pang-konstruksyon sa isang trailer o trak, gumamit ng sasakyang nakatuon sa pagdadala ng mga makinaryang pang-konstruksyon.
- ② Kapag naglilipat, mag-ingat na huwag lumampas sa mga sumusunod na nakasaad sa Vehicle Restriction Ordinance.

- Lawak/lapad..... 2.5m pababa
- Kabuoang bigat..... 20t pababa
- Bigat ng shaft..... 10t pababa
- Wheel load..... 5t pababa
- Taas..... 3.8m pababa
- Haba..... 12mpababa
- Minimum turning radius..... 12m pababa

※Ang mga sasakyang lumagpas dito ay tinatawag na special vehicle at hindi makakapag-operate ayon sa road principle. Subalit, kung kinakailangang mag operate ang isang special vehicle na lumagpas sa limitasyon ng regulasyong ito, pinapayagang mag-operate lamang kapag naka-apply at nakakuha ng permisyon sa road administrator.

- ③ Ang pag-load at pag-diskarga ng makinaryang pang-konstruksyon ay isinasagawa sa ilalim ng direksyon ng isang itinalagang supervisor sa trabaho.
- ④ Biliang isang general rule, ang lugar ng pag-load at pag-unload ay patag at solid ground, at para sa transfer-only vehicle, siguraduhing naka-apply ang parking break at naka kalso ang mga gulong.

⑤ Gumamit ng mga climbing equipment sa pag-akyat (ramp) na maaaring maikabit sa loading platform kapag mag-load ng mga sasakyan atbp na makakaya ang bigat ng makinaryang pang-konstruksyon tuwing mag-load at mag-unload, at dapat may mga claw ang climbing equipment upang maiwasan mabaklas ang climbing equipment mula sa platform tuwing isinasagawa ang pag-load dahil sa pag-ikot ng mga crawler (gulong) (tingnan ang Larawan 6-87 at Talahanayan 6-7)

Talahanayan 6-7 Halimbawa ng ugnayan ng bigat ng makinarya at nang climbing equipment.

Bigat ng Loading Machine (t)	Bilang ng mga climbing equipment na nagamit		Dimensions Haba x Taas x Lapad (mm)
	Materyales	Bilang	
40	Aluminum Alloy	4	2900×310×220
30	Aluminum Alloy	4	2900×310×175
15	Aluminum Alloy	2	2900×232×220



Larawan 6-87 Halimbawa ng climbing equipment na may mga claw

- ⑥ Gawin ang mga sumusunod kapag sa embankment (morido) isasagawa ang paglo-load at pag-unload.
- Ang lapad ng embankment(morido) ay dapat sapat sa lapad ng makinaryang pang-konstruksiyon.
 - Hangga't maaari, gawing banayad o maganda ang slope ng embankment (morido).
 - Ang embankment(morido) ay dapat na nakasiksik upang maiwasan ang pag-dulas sa slope habang naglo-load ng makinarya na mag-dudulot ng pagtumba ng makinarya. Paalaala na maging mapagmatyag upang maiwasan ang pagbagsak o pagkaguho ng gilid, at kung kinakailangan, punan agad ito.
 - Ang taas ng embankment (morido) ay dapat kasing taas ng loading platform.

2...Pag-load at pag-unload ng trailer atbp.


Kapag naglo-load at nag-a-unload gamit ang mga kagamitan sa pag-akyat, gawin ang mga sumusunod:

- Magkaroon ng pagpupulong kasama ang lahat patungkol sa pag-load at pamamaraan ng trabaho.
- Suriin ang clutch, preno, atbp. ng loading machine at suriin ang ginamit na makina.
- Itigil ang trailer sa posisyon sa paglo-load, ilapat ang preno, at ihinto ang mga gulong (mag-ingat sa level ng lupa).
- Siguraduhin na isabit ang mga climbing equipment sa pag-akyat sa pag-load ng platform upang hindi ito matanggal, at i-set ang anggulo ng pag-akyat sa 15degree o mas mababa (tingnan ang Larawan 6-88).




Larawan 6-88 Halimbawa ng paggamit ng kagamitan sa pag-akyat

- ⑤ Ayusin upang ang gitnang linya ng carrier ng sasakyan at ng makina ng konstruksiyon upang mai-load, at ang gitnang linya ng mga kagamitan sa pag-akyat at ang crawler (gulong) ay pantay (tingnan ang Larawan 6-89).



Larawan 6-89 Paglalagay ng posisyon

- ⑥ Sa oras ng paglo-load, tiyaking walang mga tao sa paligid at gumawa ng mga hakbang upang maiwasang walang makalapit.
- ⑦ Sundin ang signal ng guide at magmaneho sa mabagal. Huminto ng isang beses kapag nasa 1 m bago ang kagamitan sa pag-akyat at kumpirmahing muli ang nakasaad sa item ⑤.
- ⑧ Habang inaakyat sa climbing equipment, huwag patayin ang steering sa pag-akyat at umakyat ng mabagal (kapag kinakailangan, patayin ang steering, bumaba sa lupa at baguhin ang direksyon).
- ⑨ Kapag ang harap na bahagi ng crawler (gulong) ay umangat at dumapo sa loading platform habang umaakyat, tandan na ang loading machine ay madaling maalog, kaya mag-ingat na ilapag ng dahan-dahan.
- ⑩ Kapag ang platform ng trailer ay may malaking step, gumamit ng foot stall para makapagmaneho ng dahan-dahan (tingnan ang Larawan 6-90).




Larawan 6-90 Halimbawa ng paggamit ng foot stall

- ⑪ Suriin kung ang loading platform ay nakausli mula sa lapad ng trailer bed.
- ⑫ Huminto sa posisyon ng loading platform, i-apply ang preno at lock.
- ⑬ Kapag papaikutin ang hydraulic excavator a loading platform, suriin ang kaligtasan ng paligid, at gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang pagtabingi at pagdulas sa pagkarga ng platform sa pag-load at ang haydrolikong maghuhukay. Pagkatapos paikutin, i-lock ito at itigil ang makina.
- ⑭ Para sa mga malalaking excavator-type na makinaryang pang-konstruksiyon, kapag naglo-load kasama ang mga working device, alisin din ang counterweight.

3...Pag-aayos pagkatapos magload ng trailer

- ① Inspeksyonin ang trailer kung maayos na nakapagload at kung ang trailer ay hindi tabingi.
- ② Matapos makumpirma na walang mga abnormalidad sa trailer, ang makinaryang pang-konstruksyon ay posibleng gumalaw dahil sa pag-vibrate habang ginagawa ang pag-transport. Kaya dapat tali/higpit ang makinaryang pang-konstruksiyon sa trailer, at i-secure ito sa pamamagitan ng kadena, kable, atbp (tingnan ang Larawan 6-91).



Larawan 6-91 Halimbawa ng pag-aayos sa trailer

- ③ Sa mga excavator, ibababa ang mga working device tulad ng boom at arm upang hindi lumampas sa limitasyon sa taas, at ibababa ang mga bucket sa sahig tulad ng trailer at naka tali ang mga ito.
- ④ Ang lahat ng preno ng naka-load na makina ay dapat at lock, papatayin ang makina, papatayin ang power, patayin ang main clutch, inilalagay ang shift lever sa posisyon na "mababang gear", at "all off" ang fuel lever.
- ⑤ Suriin ng maayos kung ang kondisyon ng pagka tali kung maayos at perpekto.

6.5.2. Sa pag-transport sa pamamagitan self-propelled (Teksbuk p.161)

Kung hindi maiiwasang magtransport ng mga makinarya ng konstruksyon nang mag-isa, dapat itong gawin alinsunod sa mga nauugnay na batas at regulasyon tulad ng Road Traffic Act, Road Transport Vehicle Act, at Vehicle Restriction Ordinance, ngunit pagtuunan din ng pansin sa mga sumusunod:

- ① Kapag nagmamaneho sa malalambot na kalsada, mag-ingat sa pag-guho ng road shoulder.
- ② Kapag dumadaan sa railroad crossing o makitid na daan, huminto at tiyaking ligtas bago dumaan. Huwag kailanman gumawa ng hindi makatuwirang desisyon para dumaan.
- ③ Para sa mga excavator type na makinaryang pang-konstruksyon, kapag dumadaan sa ilalim ng riles, kable, tulay, girders, atbp. Siguraduhin na ang distansya sa mga ito ay sapat at hindi sasabit ang boom.

6.6. Pag-kabit at pag-tanggal ng work device (Teksbuk p.162)

Mga pag-iingat sa pag-kabit at pag install ng working device ay ang mga sumusunod.

- ① Magtatrabaho sa ilalim ng direktang utos ng isang supervisor na may eksperyensado sa trabaho na pamilyar sa gawain ng pag-kabit at pag-tanggal ng working device.
- ② Ikabit at tanggalin ang working device ayon sa tinukoy na mga pamamaraan tulad ng instruction manual para sa makinaryang pang-konstruksyon.
- ③ Gumamit ng mga safety columns, safety blocks, atbp. para maiwasan ang pagkahulog o pagbagsak ng mga arms, boom, atbp.
- ④ Gamitan ng mobile crane ang pag-kabit at pag-tanggal ng mga mabibigat na working device. Sa ganitong pagkakataon, bigyang-pansin ang slinging work(tamagake) at ang pag-sling ay dapat isinasagawa ng isang kwalipikadong tao.
- ⑤ Siguraduhing lahat nahigpitan bolt, at siguraduhing lahat maayos ang pagkahigpit.
- ⑥ Siguraduhin na ikabit ang wire rope gamit ang isang clip o iba pang mga espesyal na mounting bracket.

(May ibang kwalipikasyon ang kinakailangan sa crane work) ang crane work at sling(tamagake) ay hindi pwde isagawa gamit ang kwalipikasyon ng pag-gamit ng sasakyang makinaryang pang-konstruksyon (para sa pag-patag, pag-transport, pag-load at pag-huhukay), kaya ibang kwalipikasyon ang kinakailangan tulad ng mobile crane

7. Pag-inspeksyon at maintenance ng sasakyang makinaryang pang-konstruksyon

Upang magamit nang ligtas at mainam ang mga makinaryang pang-konstruksyon, mahalagang isaalang-alang may-maintenance ang mga ito. Bilang karagdagan sa pang-araw-araw na inspeksyon na ipinakita sa mga manwal para sa makinaryang pang-konstruksyon, kinakailangang magsagawa ng mga inspeksyon at maintenance ng mga makinaryang pang-konstruksyon kahit na ang isang abnormalidad ay napansin sa habang ng nagta-trabaho. Nakasaad sa batas na ang mga makinaryang pang-konstruksyon ay dapat na inspeksyonin ng isang beses sa isang taon, regular na inspeksyon isang beses sa isang buwan, at inspeksyonin bago magsimula ang trabaho.


Talahanayan 7-1 Mga nauugnay na batas at regulasyon

URI NG INSPEKSYON	ARTIKULO	KWALIFIKADONG INDIBIDUWAL	PANAHOON NG PAGTATALA NG TALAHANAYAN NG INSPEKSYON
Inspeksyon bago simulan ang trabaho	Regulasyong Pangkaligtasan Artikulo 170, 171	Driver	*Checklist habang umaandar ang makina
Regular na pagsusuri sa sarili (Isang beses sa isang buwan)	Regulasyong Pangkaligtasan Artikulo 168, 169, 171	Representanteng hinirang ng operator (tagapamahala sa kaligtasan)	Talahanayan ng inspeksyon sa loob ng 3 taon
Tiyak na pagsusuri sa sarili (Isang beses sa isang taon)	Regulasyong Pangkaligtasan Artikulo 167, 169, 171	In-house na inspector Inspektor	Talahanayan ng inspeksyon sa loob ng 3 taon (Ikabit ang marka ng inspeksyon)

*Bagaman hindi itinakda ng batas, kanais-nais na magtala ng mga resulta ng inspeksyon habang ang makina ay umaandar.

7.1 Mga pangunahing pang-iingat para sa inspection at maintenance (Teksbuk p.163)

- ① Kapag nagsasagawa ng mga inspeksyon at maintenance ng on-site, ihinto ang makinarya ng konstruksyon sa isang ligtas na patag na lupa. Kung hindi maiiwasang gawin ito sa isang slope, tiyaking gumamit ng kalso sa undercarriage ng makina.
- ② Siguraduhing nakalapat o naka disengage ang mga clutch, preno, swivel lock at iba pang klaseng safety lock..
- ③ Siguraduhing ibababa ang working device (attachments) tulad ng mga blades at buckets sa lupa. Kung kinakailangang itaas ang blade, bucket, atbp para mag-inspeksyon at mag-aayos sa ilalim ng mga ito, gumamit ng mga safety columns o mga safety block upang mapigilan ang pagbagsak ng working device.
- ④ Ang mga pag-aayos sa mga makinaryang pang-konstruksyon ay isinasagawa sa ilalim ng direksyon ng supervisor.
- ⑤ Kinakailangan na magsagawa ng mga inspeksyon at self-inspection batay sa mga inspection sheets o inspection check sheets, at i-record at i-save ang mga resulta.
- ⑥ Walang sinuman ang maaaring pumasok sa lugar ng trabaho, maliban sa taong may hawak ng trabaho para sa inspeksyon at maintenance.



Larawan 7-1 Mga puntong dapat tandaan tungkol sa mga inspeksyon, atbp.



Larawan 7-2 Bawal kapag may inspeksyon

7.2. Pang-araw-araw na pamamaraan ng inspeksyon (Teksbuk p.164)

1...Bago paandarin ang makina

Mag mga kalilangang suriin bago paandarin ang makina, ay ang mga sumusunod:

- ① Suriin kung may tagas na tubig at langis

Ikutin ng sasakyan at tignan kung walang tubig o langis na tumutulo sa lupa at walang mga pagtulo mula sa mga tubo. Suriin ng lalo na kung may tumutulo mula sa mga high-pressure hose seam, hydraulic cylinders, radiator, atbp.

② Pag-inspeksyon at muling pag-refill ng cooling water

Buksan ang takip ng radiator at suriin kung puno ng tubig. Kapag mag-refill ng radiator, buhusan nang paunti-unti. Kung ilalagay mo ang lahat nang biglaan, ang hangin sa loob ay hindi ganap na makakasingaw at mahirapang maglagay ng tubig. Kapag ang radiator ay mainit, at kung bubuksan mo bigla ang takip, maaaring sumabog ang mainit na tubig at mapaso ka. Lalo na sa mga kaso ng pressurized radiator, mahalagang buksan muna ang level cock (o paluwagin ang takip) upang mabawasan ang pressure at pagkatapos ay alisin ang takip upang maiwasan ang panganib.

At dahil ang ugnayan sa pagitan ng dilution ratio ng antifreeze at ng temperatura kung saan hindi ito lumalamig ay naiiba depende sa uri ng antifreeze, kinakailangang mapanatili nang tama ang ratio ng dilution ayon sa uri.

③ Pag-inspeksyon at pag re-fill ng dami ng langis sa bawat bahagi

Upang masukat ang tamang dami ng langis sa bawat bahagi, i-level ang makina (hindi tabingi) at suriin kung ito ba ay nasa tamang antas ang sukat ng langis sa oil gauge.

a.) Pag-inspeksyon at pag-refill ng dami ng langis sa hydraulic tank

Kung ang dami ng langis sa hydraulic oil tank ay mas mababa kaysa sa tinukoy na tamang sukat, ang temperatura ng langis ay tataas nang abnormal, at maaaring mabilis itong masira o mapasukan ng hangin, na maaaring makaapekto sa makina. Gayundin, ang antas ng langis sa tanke ay patuloy na nagbabago habang nagtatrabaho, kaya't kung sobrang dami ng langis, ang tanke ay maaaring umumbok nang hindi normal at masisira.


Tandaan na kung aalisin mo ang takip habang ang hydraulic oil ay mainit pa, ang langis ay maaaring pumutok at maaari kang mapaso o malapnos. Ang itsura at amoy ng hydraulic oil ay maaaring magbago dahil sa paghahalo ng mataas na oxidized oil o tubig, pero nangangailangan ito ng may kasanayan para malaman, kaya palitan ito kapag umaabot sa antas na pagkakatukey sa instruction manual. Gayunpaman, kung nakikita mo ang kundisyon na ipinakita sa talahanayan sa ibaba, palitan ito kaagad.

Talahanayan 7-2 Pamamaraan ng diskriminasyon batay sa itsura ng hydraulic oil

ITSURA	AMOY	SANHI
Nagbago at naging Milky White	Good	Nahaluan ng moisture
Nagbago at naging Itim	Mabaho	Lumala
Mayroong mga maliliit na Sunspots	Good	Nahaluan ng foreign objects
May mga bula	—	Nahaluan ng grasa

b.) Posisyon sa pag-inspeksyon at pag-refill ng dami ng langis ng hydraulic oil tank

Para sa drag excavator(shoberu), ang langis ay ini-inspek at inaayos sa naaayon na postura ng work equipment kagaya sa pinapakita sa larawan 7-3. Dahil hindi malalaman ang tamang dami ng langis kapag walang naka-set sa postura dahil sa pag-expand at pag-contract ng hydraulic cylinder.



Larawan 7-3 Posisyon sa pag-check at pag-supply

c.) Gumamit ng tamang langis na tinutukoy ng manufacturer para sa inspeksyon at refill, at sa pag-change oil ng engine oil at iba pang parte na ginagamitan ng langis ayon sa instruction manual ng construction machinery.7

d.) Pag-inspeksyon ng brake fluid (wheel type)

Kapag kinulang na sa break fluid, punan ito ng naaayon na break fluid.

④ Pag-drain ng fuel tank

Mag-refuel pagkatapos ng ang trabaho at i-drain ang tangke ng gasolina bago magtrabaho. Ito ay upang mawala ang tubig at mga impurities sa oras ng sa gabi.

⑤ Pag-adjust at inspeksyon ng tensyon ng fanbelt.

Tignan kapag meron 10-15mm na pagkaluwag kapag itinulak a ng gitna ng pulley at crank pulley (sa gitna ng V-belt). Tignan din ang V-belt kng walang abnormal na sira at ang pulley ay hindi sira.

⑥ Pag-inspeksyon ng tire pressure (wheel type)

Sinusukat ang pressure ng gulong kapag ito ay malamig bago magtrabaho at nakakondisyon base sa lagay ng daanan ng trabaho (ayusin ang pressure ng hangin na bahagyang mas mababa kaysa sa pamantayan sa mga malalambot na lupa at medyo mas mataas sa matigas na lupa). Gayundin, gawing pantay ang pressure ng hangin sa kaliwa at kanang gulong.

Kasabay ng pagsuri sa presyon ng hangin, suriin din na ang mga gulong ay hindi gasgas o may umbok, may nakatusok na piraso ng metal, at hindi pudpod.



Larawan 7-5 inspeksyon ng gulong

⑦ Pag-inspeksyon ng tensyon ng crawler


Kung ang crawler ay masyadong maluwag, ang mga pin at bushes ay mas mabilis mapudpud o masira, at kung ang crawler ay masyadong masikip, maaari itong maging sanhi ng depektong paggawa. Higgitan ang crawler sa matitigas na kalsada at paluwagin sa malambot na kalsada.

⑧ Pag-inspeksyon ng maluwang na bolt and nuts sa bawat bahagi

Gamit ang martilyo, inspeksyonin ang mga bolt ng bawat parte kng may maluwang, at kung may maluwang, higgitan ito. Inspeksyonin ang air cleaner, intake / exhaust pipe, muffler mounting part, at bahagi ng suspensyon.

⑨ Inspeksyonin kung may sira ang electrical wiring, short circuit, maluwang na mga terminal

Inspeksyonin kng ay disconnection ang mga electrical wiring at walang short circuit.



Larawan 7-6 Mga punto na dapat tandaan sa panahon ng

Gayundin, inspeksyonin ang terminal ng baterya kung maluwag. Suriin din battery fluid, at kung ito ay hindi sapat, mag-refill ng distilled na tubig.

2.... Pagkatapos paandarin ang makina

Ang mga kailangang tandaan pagkatapos paandarin ang makina ay ang mga sumusunod.

① Pag-inspeksyon ng mga meter gauge at ng pointer (finger).

Pagkatapos paandarin ang makina, mag-idle at inspeksyonin ang galaw ng meter gauge at ang kalagayan ng pointer nito.

② Ang inspeksyon ng tubig, langis at air leaks mula sa bawat bahagi

May oras na kahit nakatigil ang makina at walang tagos, may pagkakataong magka-tagos ito kapag pinaandar ang makina.

③ Kondisyon ng Makina

Palitan ang rotation speed sa low idle, high idle, at full stall, at tignan kng walang mga abnormalidad sa kulay ng exhaust (tignan ang Table 7-4), engine noise, exhaust odor, at vibration.


KULAY NG EXHAUST	PAMANTAYAN NG PAGHATOL
Iitim Banayad na Dilaw Puti . Asul Kulay Abo Walang Kulay	- Rich mixture, incomplete combustion - Malabnaw ang mixture ng air-fuel - Oil Burns, hindi magandang timing - Rich mixture at Oil Burns - Ang mixture ng air-fuel ay angkop at complete combustion

Talahanayan 7-4 Exhasut color at judgment criteria

- ④ Inspeksyonin at ayusin ang pag-play, operating force, lever stroke at kundisyon ng pagputol ng main clutch pedal

Suriin ang pedal o operating lever sa pamamagitan ng pagpapaandar ng ilang beses.


Kung napudpod ang clutch plate, mababawasan ang pag-play ng operating lever at ang clutch ay dudulas, kaya ayusin gamit ang adjusting screw (maliban sa mga machine ng konstruksyon na tumatakbo ng hydraulic).



Larawan 7-10 Pagsasaayos ng clutch

- ⑤ Pag-inspeksyon ng operasyon ng working device

Suriin ng maayos ang mga blades, lift arms, arm, boom, atbp. Tiyakin na walang mga tao sa paligid o mga nakaharang.



Larawan 7-11 Inspeksyon ng operasyon

- ⑥ Pag-iinspeksyon ng operating conditoin ng travelling brake

Suriin na ang play ng brake pedal ay hindi malaki at ang preno ay gumagana nang maayos. Kung mapupodpod ang lining ng preno, tataas ang pag-play ng pedal, at hindi gagana ang preno maliban kung aapakan ng husto.

- ⑦ Pag-inspeksyon ng operating condition ng steering clutch at brake

Patakbuin ang makinaryang pang-konstruksyon at suriin ang pagtanggap ng kaliwa at kanang mga steering clutch. Kung mahina ang preno, ayusin nang maaga.

- ⑧ Pag-inspeskyon ng operating condtion ng turning brake.

Suriin na ang turning brake kung nasa maayos na higpit.

3...Pagkatapos ng trabaho

Ang mga kailangang tandan pagkatapos ng trabaho ay ang mga sumusunod.

- ① Paglilinis ng machine body

Kung may putik o langis sa floor board, pedal, levers, magiging madulas ito, kaya't punasan ito ng maayos.

Alisin ang lupa at buhangin mula sa crawler at linisin ang machine body.

Kapag naghuhugas gamit ang tubig, mag-ingat na hindi mabasa ang mga electrical components.

② Pag-refuel

Mag-refuel habang nakapatay ang engine. Mag-ingat na huwag maghalo ng alikabok o tubig kapag naglalagay ng langis.

③ Pagliligpit ng Makina

- a. Ang lugar ng paradahan ay dapat isang patag na lugar na walang rockfall, baha, pagguho ng lupa atbp.
- b. Kung nasa labas ang paradahan, takpan ito gamit ng isang sheet (kailangan pag-ingatan nang mabuti na hindi makakapasok ang tubig-ulan sa tambutso).
- c. Patayin ang switch ng baterya, ilagay sa "ON" ang main clutch lever at ilapat ang parking break. Karagdagan dito, iiwang nakababa ang mga blade, bucket atbp



Larawan 7-12 Mga kailangang tandaan kapag nagliligpit

7.3 Pamamaraan ng inspeksyon kapag may natagpuang isang abnormalidad habang nagtatrabaho (Teksbuk p.172)

Kung sa tingin mo ay wala sa kaayusan ang makinang ginagamit habang nagtatrabaho, kinakailangang ihinto kaagad ang makinaryang pang-konstruksyon at iparada ito sa isang patag na lugar, at kumontak sa namamahala tungkol sa sirang bahagi ng makina at ipaayos ito bago simulan ulit ang trabaho.

8. Mga Tagubilin Para sa Ligtas na Pagmamaneho at Para sa Pagsenyas at Paggabay

8.1 Mga Tagubilin Para sa Ligtas na Pagmamaneho (Teksbuk p.175)

1...Mga tagubilin para sa ligtas na pagmamaneho

Ang mga sumusunod ay ang mga tagubilin na kailangan para sa ligtas na pagmamaneho ng mga makina sa konstruksyon.

1.Mga Tagubilin Para sa Pangkalahatang Kaligtasan

- ① Magsuot ng helmet at mga safety equipment, at magbihis ng damit bago magmaneho.
- ② Dala dapat lagi ng drayber ang kanyang lisensya kapag nagmamaneho.
- ③ Bago simulan ang pagmamaneho, tiyaking isagawa ang mga itinakdang inspeksyon bago simulan ang trabaho tulad ng brake, clutch atbp. at kumpirmahin na walang mga abnormalidad.
- ④ Huwag magsasakay ng ibang tao sa upuan ng magmamaneho o kung saan man maliban sa drayber.
- ⑤ Kapag sasakay ng sasakyan, gamitin ang built-in ramp at handrail.
- ⑥ Palaging panatilihin ang katawan ng sasakyan at huwag patakbo ang mga lever atbp. nang may langis ang kamay.
- ⑦ Hindi dapat iiwan ng drayber ang upuan ng drayber na tumatakbo pa ang makina.



Larawan 8-1 Patayin ang Engine Kapag Aalis ng Upuan

- ⑧ Pagkahinto ng trabaho o pagkatapos ng trabaho, ibaba ang attachment sa lupa, patayin ang clutch, siguraduhing nakapreno ito, patayin ang engine, alisin ang susi at itago ito sa itinakdang lugar.

2.Mga Tagubilin Para sa Kaligtasan Habang Nagtatrabaho

- ① Kapag lalapit sa isang lugar kung saan may panganib na bumagsak, mahulog o matamaan ang sasakyan, magtalaga ng isang tagapaggabay bago magtrabaho.
- ② Magmaneho habang sinusundan at pinapansin ang saklaw ng trabaho, limitasyon sa bilis at pamamaraan ng trabaho.
- ③ Huwag aalisin ang mga mata sa daanan habang nagmamaneho.
- ④ Huwag magmamaneho nang lampas sa kapasidad ng makina o marahas na pagmamaneho katulad ng biglaang pagpapatakbo o biglaang pagpepreno.
- ⑤ Dapat laging handa na huminto kaagad habang nagmamaneho kung sakaling may biglaang nangyari.
- ⑥ Itigil ang trabaho kapag may malalapit na tao sa lugar ng trabaho. Kapag palapit ang isang tao, itigil ang pagmamaneho at babalaan ito gamit ng busina.
- ⑦ Lalong tiyakin na walang mga tao sa paligid mo at ipatunog ang busina bago umatras. Kung may tagapaggabay, sundin ang kanyang mga instruksiyon.
- ⑧ Huwag gumamit ng working device katulad ng bucket bilang preno maliban nalang kung kinakailangan/emergency.

- ⑨ Palaging isaalang-alang ang stability ng makina at huwag biglaang magpapaikot ng makina. Huwag magpapaikot lalo na kapag sa matatarik na slope.
- ⑨ Mag-ingat na huwag lumapit sa mga bangin (gakeppuchi), malalambot na road shoulder o sa taas ng slope. Mas maging maingat lalo na kapag umulan.
- ⑪ Sa mga saradong lugar tulad ng ilalim ng lupa at mga basement, magbigay ng sapat na bentilasyon, magkabit at gumamit ng exhaust gas purifier at panatiliing maayos ang pagpapatakbo nito.
- ⑫ Sa mga lugar ng lungsod, bigyan pansin ang paggamit ng mga sasakyan na gumagamit ng pangkontrol ng ingay at pang-iwas ng paglabas ng mga alikabok, atbp.
- ⑬ Ang pag-huhukay sa mga lungsod na lugar ay dapat gawin pagkatapos kumpirmahin ang pagkakaroon at lokasyon ng mga nakabaon na bagay. Kung sakali may nasirang gamit na nakabaon sa lupa, kaagad na ikontak ang taong namamahala at gawin ang mga kinakailangang instruksyon.
- ⑭ Ang pagtatrabaho kung saan may mga wire ng kuryente, mga handlang atbp. ay isasagawa sa ilalim ng direksyon ng isang tanod.
- ⑮ Ang mga makina sa konstruksyon ay hindi dapat gamitin para sa anumang layunin maliban sa pangunahing layunin nito.
- ⑯ Kapag naghuhukay nang may shoring, ingatan na huwag matamaan ang bucket atbp. sa mga bahaging may strut atbp. bago magtrabaho.

2...Mga Kailangang Pag-ingatan Habang Gumagamit ng Nirentahang Makinaryang Pangkonstruksyon

Ang nirentahang makinaryang pang-konstruksyon ay dapat gamitin pagkatapos na ganap na kumpirmahin ang mga sumusunod sa pagsulat.

- ① Kapasidad ng makinaryang pang-konstruksyon
- ② Pagpapanatili ng makinaryang pang-konstruksyon
- ③ Mga natatanging gawi at kahinaan ng makinaryang pang-konstruksyon
- ④ Iba pang mga bagay na dapat tandaan kapag nagmamaneho

Suriin nang mabuti ang mga kondisyon ng pagpapatakbo ng brake at clutch, kung mayroon o wala bang headguard at headlight, kung may sira ba ang mga wire rope at kadena, kung may sira ang bucket atbp. at iwasang magpatakbo ng mga sirang makinaryang pang-konstruksyon.

Bilang karagdagan dito, ikumpirma ang pagpapanatili ng kalagayan at ng pana-panahong boluntaryong inspeksyon sa rekord ng inspeksyon.



Larawan 8-2 Pagkumpirma ng Kondisyon Kapag Nag-iinspeksyon

8.2 Mga Punto Para sa Pagsesenyas at Paggagabay (Teksbbuk p.177)

Kapag nagpapakabo ng isang makinaryang pang-konstruksyon, karaniwan na dapat itong patakbuhan nang sinusundan ang mga senyas galing sa kasamang tagapagsenyas o tagapaggabay.

Samakatuwid, kinakailangan para sa drayber na sapat na talakayin ang posisyon ng trabaho at ang pamamaraan ng pagbibigay ng senyas sa tagapagsenyas o tagapaggabay bago magtrabaho.

Dahil ang isang espesipikong tao ay maitatakda bilang tagapagsenyas o tagapaggabay ng taong namamahala, ang drayber ay dapat magmaneho habang sinusundan ang mga senyas ng taong ito. Bilang karagdagan, kapag may hindi malinaw na mga senyas, mahalagang ihinto ang makinaryang pangkonstruksyon at ikumpirma muna ito. Dapat iwasan ang pagmamanehong may "akala" at walang senyas na pagmamaneho.

Bilang sanggunian, ang karaniwang pamamaraan ng pagsenyas sa lugar ng konstruksyon ay ang mga sumusunod.

Bukod dito, dapat magsuot ang tagapaggabay ng mga damit o nasa posisyon siya na madaling makumpirma ng nagmamaneho o nagtatrabaho

<Whistle Signal>

- Safety : 2 short whistles, repeat
- Machine Stop : long whistle

<Spoken Signal>

- Safety : "Alright, alright (Orai, orai)"
- Machine Stop : "Stop (sutoppu)"



9. Kaalaman sa Mechanics at Kuryente

9.1. Force (Teksbuk p.181)


9.1.1. Moment ng Force (Teksbuk p.184)

Tulad ng ipinapakita sa Larawan 9-7, kapag naghihigpit ng nut gamit ng isang wrench, ang rotational force na inilapat sa nut at ang "force" na sumusubok na ipagalawin ang isang mabigay na bagay gamit ng isang lever/pry ay tinatawag ito na "moment ng force".

Ang moment ng force ay kinakatawan ng $M = P \times \ell$.

Kung ang unit ng laki ng force P ay N (Newton), at ang unit ng ℓ ay cm, ang unit ng moment ng force M ay magiging N·cm (Newton·Centimeter).


Samakatuwid, kapag hinihigpitan ang isang bolt, mas maliit ang kinakailangan na force kapag ang posisyon kung saan hinahawakan ang hawakan ng wrench ay mas malayo mula sa bolt, at mas malaki naman ang kinakailangan na force kapag ang posisyon kung saan hinahawakan ang hawakan ng wrench ay mas malapit mula sa bolt.



Larawan 9-7 Moment ng Force

Sa kalagayan na ipinapakita sa Larawan 9-8, kapag ang mass ng load ay gagawing W_1 sa moment na gumagana upang ibagsak ang makinaryang pangkonstruksyon, magiging $W_1 \times \ell_1$ ito, at kapag naman ang mass ng makinarya ay gawing W_0 sa moment ng makinaryang pangkonstruksyon sa Larawan 9-8 (nasa kalagayan na walang dalang load sa bucket), magiging $W_0 \times \ell_0$ ito.

Samakatuwid, kung $(W_0 \times \ell_0) > (W_1 \times \ell_1)$, hindi matutumba ang sasakyan.



Larawan 9-8 Moment ng Pagtumba

9.2. Mass, Sentro ng Grabidad atbp. (Teksbuk p.187)

9.2.1. Mass at Tiyak na Grabidad (Teksbukp.187)

Para mahanap ang mass ng isang bagay, ang mass ng isang bagay ay maaaring kalkulahin mula sa volume at specific gravity ng isang bagay.

Ang unit mass ng isang bagay ay nangangahulugang mass per unit volume ng isang bagay, at ang unit mass ng mga karaniwang bagay ay ipinapakita sa Table 9-1. Bilang karagdagan, ipinapakita ang specific gravity sa mga column Mass (t) per 1m³ ng Table 9-1.








Ang pagkalkula ng volume ng mga bagay ay ipinapakita sa Table 9-2. Iyon ay, ang mass ng bagay ay maaaring halos kalkulahin sa pamamagitan ng pagsukat ng mga sukat ng bagay, pagtanyang ng volume ayon sa Table na ito, at imultiplika ang bilang sa specific gravity ng bagay

Table 9-1 Unit Mass ng mga Bagay

Klase ng Bagay	Mass(t) per 1m ³	Klase ng Bagay	Mass(t) per 1m ³
Lead	11.4	Sand	1.8
Copper	8.9	Coal (Powder)	1.0
Steel	7.8	Coke	0.5
Cast Iron	7.2	Oak	0.9
Aluminum	2.7	Pine	0.5
Concrete	2.3	Japanese Cedar	0.4
Soil	2.0	Japanese Cypress	0.4
Pebble	1.9	Paulownia	0.3

Puna) Ang mass ng kahoy ay dry mass. Ang mga soil, gravel, sand, coal at coke ay apparent unit mass.

Table 9-2 Volume Simplified Formula

Hugis ng Bagay		Volume Simplified Formula
Pangalan	Hugis	
Cuboid		Length x Width x Height
Cylinder		(Diameter) ² x Height x 0.8
Disk		(Diameter) ² x Thickness x 0.8
Sphere		(Diameter) ³ x 0.53
Dished-only Head		(Height) ² x (Diameter x 3 - Height x 2) x 0.53
Cone		(Diameter) ² x Height x 0.3
Truncated Cone		((Bottom Base Diameter) ² + Bottom Base Diameter x Upper Base Diameter + (Upper Base Diameter) ²) x Height x 0.3
Ellipsoid		Length x Width x Thickness x 0.53
Triangular Pyramid		Base Area x Height ÷ 3 (Base Area = Base x Bottom Height ÷ 2)

9.2.2. Sentro ng gravity (Teksbuk p.189)

Gumagana ang gravity sa lahat ng bagay.

Kapag ang isang bagay ay nahati sa maliliit na piraso, kumikilos ang gravity sa bawat hating bahagi nito. Samakatuwid, maaari nating ikonsidera na maraming mga parallel forces (gravity) na kumikilos sa mga bagay, at kapag ang mga force ng resultant force nito ay nakuha, ito ay katumbas ng gravity na kumikilos sa bagay na ito. Ang punto ng pagkilos ng resultant force na ito ay tinatawag na sentro ng gravity.


Ang sentro ng gravity ay isang fixed point para sa isang espesipikong bagay, at ang sentro ng grabidad ay hindi nagbabago kahit na nagbago ang posisyon o ang pagkakalagay ng bagay na ito.

Kapag ang motion ng isang bagay (hindi kasama ang rotational force ng mismong bagay) ay inaayos gamit ng isang mekanikal, maaaring maituturing na ang total gravity ng bagay na ito ay nakatuon sa sentro ng gravity.


Kapag ang isang force ay kumilos sa isang bagay, ang bagay ay hindi iikot kung ang linya ng pagkilos ng force ay dumaan sa sentro ng gravity.

Kapag ang linya ng pagkilos ng force ay hindi dumaan sa sentro ng grabidad, may moment na mabubuo sa paligid ng sentro ng gravity at papaikotin ang bagay na ito.

Kung magkabit ka ng tali sa isang bagay katulad ng ipinapakita sa Larawan 9-12, ang sentro ng gravity ay nasa lugar kung saan ang bertikal na linya ng tali. Gayundin, kapag nagkabit ka ulit ng isa pang tali sa ibang lugar, ang sentro ng gravity ay nasa linya ng parehong tali. Kung mahahanap mo ang intersection ng dalawang tuwid na linya, iyon ang sentro ng gravity.



Larawan 9-12 Paghahanap ng Sentro ng Gravity




Larawan 9-13 Sentro ng Gravity

9.2.3. Stability ng mga bagay (Suwari)(Teksbuk p.191)

Kung maglalapat ka ng isang force sa isang nakatigil na bagay, itagilid mo ito sa isang tiyak na anggulo at pagkatapos ay alisin ang force nito, babalik ang bagay sa orihinal posisyon nito, kung gayon ang bagay ay masasabing "stable". Sinasabi na "maganda ang stability (suwari ga yoi)" nito. Sa kabaligtaran, kung ang pagkaincline nito ay nagiging mas malaki sa parehong kalagayan, ang bagay ay sinasabing "hindi stable" at sinasabing "pangit ang stability (suwari ga warui)" nito.


Gayundin, kapag ang isang bagay ay nakatayo parin sa isang inclined na posisyon, ito ay tinatawag na "neutral".



Larawan 9-14 Stability ng mga Bagay

9.3. Paggalaw ng mga bagay (Teksbuk p.192)

9.3.1. Velocity at acceleration (Teksbuk p.192)



Larawan 9-15 Velocity at Acceleration

Ang dami na nagpapahayag ng antas ng mabilis o mabagal na paggalaw ng isang bagay ay tinatawag na speed, at ito ay ipinapahayag ng distansyang nagalaw ng isang bagay sa isang oras ng unit.

Sa kaso na hindi uniform ang motion, iyon ay, kapag gumagalaw ang isang bagay habang nagbabago ang velocity nito, ang halagang nagpapahiwatig ng antas ng pagbabago ay tinatawag na acceleration.

9.3.2. Inertia (Teksbuk p.194)

Sa isang clam shell, kapag sinusubukang paikutin ang isang bucket, mararamdaman na lumilipat sa kabaligtaran ng direksyon na sinusubukan nitong paikutin ang bucket, at kapag ihinto ito sa pag-ikot, ang bucket ay uuga sa direksyon ng pag-ikot.


Ito ay sapagkat ang isang bagay ay may katangian na sumusubok na manatiling nakatigil kapag ito ay nakatigil, at kapag ito ay gumagalaw, susubukan ito na ipatuloy ang paggalaw, maliban nalang kung may force na inilalapat mula sa labas. Tinatawag itong Inertia.

Upang maibaliktad ito, kinakailangan ng isang external force upang ilipat ang isang nakatigil na bagay o baguhin ang bilis o direksyon ng paggalaw ng isang gumagalaw na bagay, at kapag mas malaki ang pagbabago sa bilis at mas mabigay ang bagay, mas malaki ang force na kinakailangan para dito, at isang napakalaking force ang kinakailangan kapag biglaang maghuhugot ng load o biglaang maghihinto ng isang gumagalaw na bagay. Para sa kadahilanang ito na ang wire rope ay maaaring masira dahil sa impact nito.

Dagdag dito, kung ang isang load ay inilagay sa isang bucket gamit ng drag shovel o ang mga katulad nito at biglaang umikot ito o biglaang tumigil sa pag-ikot ito, malaking force ang mailalapat sa gear dahil sa inertia, at may panganib na masira ang mga gear dahil dito.

9.3.3. Centrifugal Force at Centripetal Force (Teksbuk p194))


Kung hawakan mo ang isang dulo ng tali na humahawak sa isang timbang at gawin ang timbang gumalaw nang isang pabilog na mosyon, mahihila ang kamay mo sa direksyon ng timbang. Habang pinapabilis mo ang pag-ikot ng timbang, mararamdaman mong mas lumalakas ang hila ng kamay mo. Sa oras na ito, kapag pinakawalan mo kamay mo mula sa tali, ang timbang ay lilipad sa tangential na direksyon mula sa posisyon kung saan pinakawalan ito ng kamay, at hindi na ito tutuloy sa paggawa ng pabilog na mosyon.



Larawan 9-17 Centrifugal Force at Centripetal Force (a)

Sa ganitong paraan, upang makagawa ng isang bagay na gumalaw sa isang pabilog na mosyon, isang force sa bagay (sa halimbawa sa itaas, ang force ng kamay na humihila ng timbang sa pamamagitan ng tali) ay dapat kumilos. Ang force na nagdudulot ng pabilog na mosyon sa bagay na ito ay tinatawag na Centripetal Force, at ang force na may parehong lakas at kabaligtaran ang direksyon nito (sa halimbawa sa taas, ang force na humihila ng kamay) ay tinatawag na Centrifugal Force.

Tulad ng ipinapakita sa Larawan 9-18, kapag ang bucket ay nakabitin sa boom at ipinaikot ito habang nagtatrabaho, mas malaki ang radius ng pag-ikot ng bucket kaysa sa working radius kapag nakatigil ito dahil sa centrifugal force nito. Sa kasong ito, ang centripetal force na nagdudulot ng paggalaw ng bucket sa isang pabilog na mosyon ay ang resultant force (F) ng gravity (W) na kumikilos sa bucket at ang force (P) na sumusuporta sa bucket ng wire rope.



Larawan 9-18 Centrifugal Force at Centripetal Force (b)

Gayundin, may mga kasong kapag ang working radius kapag nag-ikot ay pareho, mas magiging malaki ang centrifugal force kapag mas mabilis ang pag-ikot ng bucket, at ang resulta nito ay, ang bucket ay mas gagalaw palabas na pwedeng maging sanhi ng pagkatumba ng makinaryang pangkonstruksyon.

Halimbawa, kapag bababa ang isang tractor shovel, motor grader atbp. sa isang matarik na slope, kapag pinatay mo ang steering, katulad ng dahilan na nakasulat sa itaas, kikilos ang centrifugal force sa sentro ng grabidad ng tractor shovel, motor grader atbp., sa karagdagan ng anggulo ng slope inclination, mahahatak itong pahila papunta sa labas at mas magiging malaki ang panganib na matumba ito.

Bilang karagdagan, kapag naglalagay ng gravel sa drag shovel sa matarik na slope atbp. at ipinaikot mo ito, mas higit na madadagdag ang centrifugal force sa aparato sa trabaho at bigat ng gravel at mas magiging malaki ang panganib na matumba ito.




Larawan 9-19 Bumagsak Dahil sa Centrifugal Force

9.3.4. Friction (Teksbuk p.196)

1...Static Friction at Kinetic Friction

Kapag nagdikit ang mga bagay sa bawat isa, may lumalaban na resistensiya na tinatawag ay frictional force. Kung maglalagay ka ng isang bagay sa sahig o board at subukang iusog ito sa pamamagitan ng pagtulak o paghila nito, hindi ito gagalaw kahit na itulak mo ito gamit ng force na nasa ibaba ng isang tiyak na limit, ngunit kung lumampas ito, dito na magsisimulang gumalaw ito. Ang frictional force na nasa ibaba ng limit na ito ay tinatawag na Static Friction, at ang frictional force sa pinakalimit nito ay tinatawag na Maximum Static Friction Force



Larawan 9-20 Static Friction

$$\text{Maximum Static Friction Force (F)} = \mu \times \text{Vertical Force (W)}$$

Ang frictional force ay nauugnay sa vertical force at kondisyon ng contact surface, at walang kinalaman ang laki ng contact surface dito. Kahit na ang isang bagay ay dumudulas sa sahig, titigil ito maliban nalang kung ang isang tiyak na force ay nailalapat sa bagay sa lahat ng oras. Ito ay sapagkat mayroong frictional force kahit na gumagalaw ito. Ito ay tinatawag na Kinetic Friction (tinatawag ding Dynamic Friction) at mas maliit ito kaysa sa maximum static friction force. Ito ang dahilan kung bakit mahirap paganahin ang preno kapag nagmamaneho (lalo na't may kasama ding inertial force).

9.5. Mga Kaalaman sa Kuryente (Teksbuk p.200)

9.5.1. Kaugnayan sa pagitan ng boltahe, current, at resistance (Teksbuk p.201)

Sa Elektrisidad na kung saan ang electrical resistance (ohm: Ω) ng electrical circuit ay magkaparehas, at parehas na mamalaki ang boltahe (volt: V), ang current (ampere: A), at ang resistance (halimbawa, sa kaso ng isang de-koryenteng kawad, mas payat ito), ay mas magiging limitado ang current. Ang ugnayan na ito ay maaaring ipahayag ng isang equation tulad ng sumusunod, na kung saan ay tinatawag na Ohms Law. Current (ampere: A) = boltahe (volt: V) / resistance (ohm: Ω)

9.5.2. Ang panganib sa kuryente (Teksbuk p.202)

Tinatawag na electric shock kung ang parte ng katawan ng tao ang may direct contact sa electric current. Maaaring maging sanhi nito ang pamamanhid ng katawan, maparalisado ang mga ugat, at pwede rin itong mauwi sa pagkamatay. Nakabatay ang antas o degree ng electric shock o depende sa sitwasyon at kondisyon (humid na lugar, pagpapawis, route at lakas kung saan nag mula ang electric current, atbp.), subalit sa kabuuan, pwede maobserbahan ang kondisyong sa pamamagitan ng pagdaloy ng AC o DC current sa katawan ng tao.

Talahanayan 9-3 Reaksyon ng katawan ng tao sa kuryente


Electric Shock Shadow	Alternate Current (AC)		Direct Current (DC)	
	Lalaki	Babae	Lalaki	Babae
1. Slightly tingling	1.1	0.7	5.2	3.5
2. Painful shock (but not really in muscle effect)	9.0	6.0	62.0	41.0
3. Painful shock (muscle stiffness, dyspnea)	23.0	15.0	90.0	60.0
4. May cause death	100		500	

1mA=1/1000A(Ampere)

Ang resistance ng katawan ng tao ay nahahati sa balat at loob ng katawan ng isang tao. Sa Ang balat ay may resistance na humigit kumulang sa 10,000 ohms, kung ang balat ay tuyo. Subalit kapag pawis o basa ang paa, at pati na rin ang damit, ito ay bumababa ng 500-1,000 Ω . At ang resistance naman sa loob ng katawan ng tao ay humigit kumulang 500 500 Ω .

Talahanayan 9-4 Distansya mula sa transmission at distribution

Electric circuit	Transmission voltage (V)	Minimum separation distance (m)	
		Notification of director of labor standards bureau*	Electric power company target
Distribution line	Below 100 - 200	Above 1.0	Above 2.0
"	6,600	" 1.2	" 2.0
Transmission line	22,000	" 2.0	" 3.0
"	66,000	" 2.2	" 4.0
"	154,000	" 4.0	" 5.0
"	275,000	" 6.4	" 7.0
"	500,000	" 10.8	" 11.0



9.5.3. Battery Handling (Teksbuk p.204)

Ang baterya ay isang device na maaaring i-convert ang electrical energy sa chemical energy na nakaimbak o nakalagay dito (ito ay tinatawag na charging), at kung kinakailangan nai-extract ito bilang electrical energy (ito ay tinatawag na discharging). Sa kasalukuyan, may dalawang uri ng baterya ito ay ang lead-acid at alkaline na baterya.

Mga bagay na dapat tandan sa paghawak ng baterya

- ① Laging alisin ang alikabok at dumi at panatilihin itong malinis (ito ay nagiging sanhi ng tagas (discharge).
- ② Lagyang ng distilled water ang pagitan ng H (High) at ang L (Low). (Huwag magdagdag ng dilute sulfuric acid).
- ③ Huwag magdagdag ng masyadong maraming distilled water (ang gravity ay magbabago dahil sa pagtagas).
- ④ Ayusin ang antas ng battery fluid para sa bawat silid.
- ⑤ Huwag pilitin ang pag discharge.
- ⑥ Huwag hawakan ng walang pag-iingat.
- ⑦ Higpitan ang terminal paminsan-minsan upang maiwasan ang contact failure.
- ⑧ Mag-ingat na huwag magkaroon ng short circuit sa spanner
- ④ Sukatin ang tamang gravity at i-charge agad ito kung bumaba ng 1.22
- ⑩ Sukatin ang boltahe sa pamamagitan ng battery tester

Paalala) Kung mag re-refill ng distilled water: Dahil ang likido na nasa loob ng baterya ay sulphuric acid, kinakailangan na magsuot ng proteksyon na salamin at gwantes. Kung ito na tumalsik o napahid sa iyong balat, hugasan agad ito ng maraming tubig. Kung sa mata naman ito tumalamsik, agad hugasan ng maraming tubig at mag konsulta sa doktor sa mata.

9.5.4. Pag-charge ng Baterya (Teksbuk p.204)

Habang tumatakbo ang engine, ang baterya ay naka-charge sa pamamagitan ng charging generator, subalit naka depende pa rin ito sa kondisyon ng pagpapatakbo ng makina at ng set ng voltage regulator, dahil dito maaaring hindi magamit lahat ang power galing sa baterya. Sa pagkakataon na ito, mahalagang maglagay ng karagdagan power nang sagayon ay hindi maubos agad ang buhay ng baterya.

Paalala) Pag-charge ng baterya: Ang hydrogen (H₂) at oxygen (O₂) ay mga gases na napro-produce habang nagcha-charge ng baterya, kaya nararapat itong gawin sa isang ventilated na lugar at pinagbabawal din ang pag gamit ng apoy sa lugar.

10. Mga Kaalaman at Gawain sa Geology at Civil Engineering

10.1. Mga Katangian ng Lupa at mga Bato (Teksbuk p207)

10.1.1. Katangian ng mga Bato (Teksbuk p.208)

1...Tigas ng mga Bato

Ang tigas ng mga bato ay karaniwang ipinahihiwatig sa pamamagitan rock hardness at ng bedrock. Ang tigas ng mga bato ay masusuri sa pamamagitan ng pag-test ng rock fragments.

Ang tigas ng bedrock ay naka depende mismo sa tigas nito, sa antas ng crack o mga bitak, sa klima/panahon, at kung ito ay nasa lugar/presensya ng mga fault line. Kamakailan lamang, ang pagsusuri ng kalidad ng bato ay nasusuri sa pamamagitan ng seismic wave velocity ng lupa at pag-compress ng mga fragments ng bato.

Sa pangkabuuan, compressed na lakas ng mga bato ay nag ra-range sa 10N/mm² hanggang 300N/mm² and kung mas mabilis ang elastic wave velocity, mas matigas din ang bato.

Talahanayan 10-1 Klasipikasyon na batay sa uri ng tigas ng bato

Classification	Compression Strength (N/mm ²)	Elastic Wave Velocity	Example of Type of Rocks
Soft rock	10	1.5 below	Tertiary clay/mud rocks, sandstone
Medium hard rock	10~50	1.5~3.0	Tertiary sedimentary rocks
Hard rock	50~150	3.0~5.0	Palaeozoic rock (limestone, marble, dolomite), igneous metamorphic rock
Ultramafic rock	150 above	5.0 above	Igneous rock such as chert, greywacke, gabbro, gneiss, quartz schist, hornfels

10.1.2. Lupa (Teksbuk p.209)

1...Iba't-ibang Uri na Lupa


Ang lupa ay nabuo sa pamamagitan ng klima/panahon na nagiging pino ang particles nito, erosion, dinadala ng hangin o tubig, sa mga vegetation na nabubulok and dahil na rin sa abo ng bulkan.

Mayroong iba't ibang pamamaraan sa pagsusuri ng lupa, subalit sa pangkalahatan, ang material ng lupa ay nangangahulugan batay sa size ng lupa nabababa sa 75mm. Ang tawag sa uri ng lupa ay pinapakita sa larawab 10-2.

粒 径						
5 μ m	75 μ m	425 μ m	2 mm	4.75mm	19mm	75mm
luwad	latak	Pinong buhangin	Magaspang na buhangin	Maliit na graba	Katamtamang graba	粗礫
		buhangin		graba		

Larawan 10-2 Pag-uuri at pangalan ng lupa

2...Komposisyon ng Lupa



3...Pangunaging tawag para sa estado ng lupa

① Density

Dry density ng lupa = mass of soil particles (Ws) / volume of whole soil (V)

Wet density ng lupa = (mass of soil particles (Ws) + mass of water (Ww)) / volume of whole soil (V)

② Moisture Content Ratio

moisture content = mass of water in the gap (Ww) / mass of soil particles (Ws) x 100%

③ Gap Ratio


Gap ratio = (volume occupied by air (Vs) + volume occupied by water (Vw)) / volume occupied by soil particles (Vs)

④ Saturation of the Soil

Soil saturation = volume of water in the gap (Vw) / volume of the gap in the soil (Vs) x 100%

4...Pag-compact ng Lupa

Kung mayroong pwersa na dinidiin sa lupa mula a labas, ang mga hangin sa pagitan ng butil ng lupa ay tinutulak palabas, at ang butil ng lupa ay mas makapit sa isat-isa. Bilang resulta, nababawasan ang gap ng butil ng lupa, nababawasan rin ang volume ng lupa, habang ang density naman ay tumataas. At ito ay tinatawag na soil compaction. Kung matigas ang lupa, mas matibay ito, mababawasan ang pagsip-sip, at mas mataas ang durability nito sa mga tubig ulan at running water. Kung gagawa ng dike o pilapil, kailangan compact ang lupa para mapanatili nito ang tigas at maiwasan ang pagtagas o mabilis na pagsipsip.



Larawan 10-5 Pag-compact ng lupa

5...Tibay ng Lupa

Ang tibay ng lupa ay tinatawag na bearing capacity. Ang bearing capacity ng lupa ay nasusukat sa lakas ng load ($10\text{N} / \text{mm}^2$) na required sa subsidence na 1 cm sa range that does not cause a sudden subsidence when a load is applied, and the ground coefficient or bearing capacity coefficient. It is represented by (K value) and ($10\text{N} / \text{mm}^2$) the bearing capacity of the ground.

6...Tigas ng Lupa

Ang index ng cone o halaga ng N ay ginagamit upang ipahiwatig ang tigas ng stratum o tigas ng layer ng lupa. Ginagamit ang index ng cone upang sukatin ang tigas ng lupa kapag ang makina ng konstruksiyon ay tumatakbo sa malambot na lupa at upang hatulan kung maaaring tumakbo ang makina ng konstruksiyon (tingnan ang Talahanayan 10-3).

Table10-3 Cone Index

Machine Type	Cone Index (N/mm ²)	Ground Pressue (N/mm ²)
Medium wetland bulldozer	0.3 above	0.026~0.028
Medium bulldozer	0.5 "	0.055~0.062
Large bulldozer	0.7 "	0.074~0.121
Scrape dozer	0.6 " (wetland)	0.074 (load capacity)
Towed scraper	0.7 "	
Motor scraper	1.0 "	
Dump truck	1.2 "	

7...Pagbabago sa Volume ng Lupa

Ang komposisyon ng lupa ay binubuo ng mga particle, tubig at hangin. Samakaruwid, ang volume ng lupa na nahukay at nabuhaghag ay magkaiba. Ang ratio ng volume ng lupa kapag ito ay nahukay ay tinatawag na L. Sa kabilang banda, ang ratio ng volume ng lupa kapag ito ay nabuhaghag ay tinatawag na compact soil, C.

L (rate of change in soil volume due to excavation) = loosened soil volume (m³) / ground soil volume (m³)


C (rate of change in soil volume due to compaction) = volume of compacted soil (m³) / volume of soil in the ground (m³)

Ang "rate ng pagbabago sa dami ng lupa L" ay naiiba depende sa kalidad ng lupa, at sa pangkalahatan ay bumababa sa pagkakasunud-sunod ng bato, malapot na lupa, mabuhanging lupa, at buhangin, at ginagamit para sa pagpapalano ng transportasyon ng lupa. Bilang karagdagan, ang "rate ng pagbabago sa dami ng lupa C" ay 1 o mas kaunti para sa lupa na may mas maliit na mga maliit na butil kaysa sa buhangin, at ginagamit kapag gumagawa ng isang plano sa pamamahagi ng lupa

Talahanayan 10-5 Rate ng pagbabago sa dami ng lupa

Names		L	C
Rock and stone	Solid rock	1.65~2.00	1.30~1.50
	Solid light rock	1.50~1.70	1.10~1.40
	Soft rock	1.30~1.70	1.00~1.30
	Rock mass	1.10~1.20	0.95~1.05
Gavel soil	Gavel	1.10~1.20	0.85~1.05
	Hard soil	1.10~1.30	0.85~1.00
	Solidified hard soil	1.25~1.45	1.10~1.30
Sand	Sand	1.10~1.20	0.85~0.95
	Rock cobblestone sand	1.15~1.20	0.90~1.00
Ordinary soil	Sandy soil	1.20~1.30	0.85~0.95
	Rock cobblestone sandy soil	1.40~1.45	0.90~1.00
Soil viscosity, etc	Soil viscosity	1.20~1.45	0.85~0.95
	Gravel soil viscosity	1.30~1.40	0.90~1.00
	Rock cobblestone viscosity soil	1.40~1.45	0.90~1.00

Note) It shows a guideline for the average rate of changed by soil type



Larawan 10-6 Mga pagbabago sa dami ng lupa

10.2. Mga Sanhi at Palatandaan ng Pagguho ng Lupa (Teksbuk p.218)

1....Sanhi ng Pagguho ng Lupa

Ang natural na slope na nabuo ng maraming taon ay hindi basta-basta gumuguho dahil sa tibay ng lupa na kaya ang lakas ng sanhi ng pagkaguho

Ngunit kahit na matagal nang matatag ang slope,

- ① Guguhu dahil sa ulan, pag-ulan ng niebe at pag-katunaw, atbp.
